# 1

HUWEBES SANTO

**ABRIL**

Exodo 12:1-8, 11-14
Salmo 116:12-13, 15-16bc, 17-18
**1 Mga Taga-Corinto 11:23-26**
Juan 13:1-15

*"Tuwing iinumin ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-aalaala sa akin." – 1 Mga Taga-Corinto 11:25*

## IBANG KLASENG MISA

Madalas akong magsimba — araw-araw kung posible. Pero paminsan-minsan, medyo kakaiba ang Misang dinadaluhan ko. Minsan, nagkaroon ng malalang sipon ang misis ko at gustung-gusto ni Bene, ang nag-iisang anak namin noon, na makipaglaro sa kanya. Pero inihiwalay niya ang sarili niya at natulog siya sa sala habang kami ni Bene ay natulog sa kuwarto noong gabing iyon.

Kinaumagahan, magsisimba sana ako, pero kapag nagigising si Bene, hinahanap niya ang mommy niya. Kaya ayun, hindi ako makaalis dahil sa anak ko imbes na sana'y natanggap ko si Jesus sa komunyon.

Alam mo kasi, naniniwala ako na ang Misa ang pinakamataas na uri ng pagsamba. Pero noong umagang iyon, pakiramdam ko ibang uri ng Misa ang dinaluhan ko. Pinaglilingkuran ko noon ang misis kong may sakit. At habang katabi ko ang anak kong humihinga sa mukha ko, pakiramdam ko'y tumatanggap ako ng komunyon.

Naisip ko noon na kung hindi ko paglilingkuran ang misis ko, nangangahulugang hindi ko nakuha ang buong diwa ng pagsisimba: na dapat, bawat araw, nagiging mas mapagmahal ako nang dahil sa Misa.

Ang mga rituwal ng pananampalataya, kabilang na ang Eukaristiya, ay naririyan para hubugin tayong maging tulad ni Jesus. Kaibigan, huwag kang dadalo lang sa Misa. Isabuhay mo ito. *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: Nagiging katulad ka ba ni Jesus sa mga rituwal na ginagawa mo?

*Panginoon, hubugin Mo ako sa banal na Misa at sa bawat rituwal na ginagawa ko nang ako'y maging tulad Mo bawat araw.*

***San Teodora, ipanalangin mo kami.***

**2**

BIYERNES SANTO

**ABRIL**

Isaias 52:13-53:12
Salmo 31:2, 6, 12-13, 15-16, 17, 25
**Hebreo 4:14-16; 5:7-9**
Juan 18:1-19:42

*Kaya't huwag na tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos… – Hebreo 4:16*

# SIMBAHANG MALA-*FRUIT SALAD*

Napapansin mo ba na medyo nahahati ang mga tao sa Misa? Bago mag"Ama Namin," may mga taong nakatayo na pero mayroon namang mga taong nakaluhod pa. Sa parokya namin, kapuna-puna ito sa mga nagsisimba araw-araw. Isang selebrasyon lang, pare-parehong mga Katoliko pero iba-iba ang paglapit sa trono ng mahabaging Diyos. Dati medyo naiilang ako sa nakikita kong ito kaya lang, kung tutuusin naman, nakikita naman dito na ang simbahang Katoliko ay bukas, nakikibagay at mapagtanggap. Ang konserbatibong *Opus Dei* ay kasa-kasama ang mga masisiglang *Charismatic* sa isang Simbahan. Kaya mo kayang bilangin kung ilan ang mga iba-ibang karisma sa loob ng Simbahang Katoliko? Kung ilan man iyon, silang lahat ay nagkakasama sa isang Misa, parang *fruit salad*. Sigurado akong ang sarap ng dating natin sa mata ng Diyos. Nakae-engganyo talagang sumamba sa isang napakamaunawaing Panginoon! *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Ako ba ay mapanghusga sa mga taong may ibang paraan ng pagsamba sa Diyos kaysa sa akin?

*Panginoon, biyayaan Niyo po ako ng puso't isipan na bukas at handang tanggapin ang mga kapatid ko sa pananampalataya. Amen.*

***San Urbano ng Langres, ipanalangin mo kami.***

**3**

SABADO DE GLORIA

**ABRIL**

Genesis 1:1-2:2
Salmo 118:1-2, 16-17, 22-23
**Mga Taga-Roma 6:3-11**
Lucas 24:1-12

*"…ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang … hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. – Mga Taga-Roma 6:6*

# KALAYAAN!

Reklamador. Tigas-ulo. Mayabang. Ito ang mga katangian ko sa trabaho ko noon.

Bilang isang batang propesyonal na nagsusumikap umangat, madalas akong nagrereklamo sa *boss* ko. Sinasalungat ko ang anumang sabihin niya sa akin. Ang akala ko kasi, mas magaling ako sa kanya kapag tungkol sa trabaho ko. "Mas may alam ako sa mga kompyuter kaysa sa kanya. Alam ko ang ginagawa ko!" Ito ang madalas kong saloobin.

Malimit akong nagkakaroon ng problema sa trabaho. Ang hindi ko alam, sa tuwing sinusuway ko ang *boss* ko, hindi ko sinusunod ang Panginoon.

Habang binabago ang kalooban ko, nabasa ko ang mga salitang ito sa Mga Taga-Roma 13:1-2: "Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinakda ng Diyos; at sila'y parurusahan."

Nagsisi ako. Ngayon, habang nagsisikap akong sundin ang Salita ng Diyos, nabibiyayaan ako. Pagpapalain ng Panginoon ang mga gagawin ko (Deuteronomio 28:12).

Ngayon, malaya na akong sumusunod sa boss ko! *Danny Tariman (danny@dtariman.com)*

Pagninilay: Nahihirapan ka bang sumunod sa iyong boss? Hayaan mong ang Panginoon ang maging Boss mo; mapalalaya ka Niya!

*Salamat, Panginoon, sa kalayaang ibinigay Mo sa akin. Mahal kita.*

***San Fara, ipanalangin mo kami.***

**4**

LINGGO NG PAGKABUHAY

**ABRIL**

Ang Mga Gawa 10:34a, 37-43
Salmo 118:1-2, 16-17, 22-23
**Mga Taga-Colosas 3:1-4 (o 1 Mga Taga-Corinto 5:6b-8)**
Juan 20:1-9 (o Mateo 28:1-10 o Lucas 24:13-35)

*Ang mga bagay na panlangit ang isaisip ninyo, hindi ang mga bagay na panlupa. – Mga Taga-Colosas 3:2*

# TUMUON KA SA LANGIT

Anong mararamdaman mo kung mamamatay ang anak mo sa mga bisig mo?

Pinagdaanan iyan ng kaibigan kong si Rowin. Ikinuwento niya ang pighating dinanas nila ng misis niya habang tangan niya si Maia. Hindi sapat ang sabihing mapangwasak ng buhay ang pangyayaring iyon.

Sa pagninilay niya sa mga nangyari, naisip niyang tinatanong siya ng Diyos, "Nagkulang ba Ako dahil kinuha Ko ang anak mo sa iyo?"

Alam ni Rowin ang tamang sagot pero napakalalim ng hinanakit niya. Kung tinanong sa kanya ng Diyos iyon sa sandaling nalagutan ng hininga ang anak niya, inaamin niyang mag-aalangan siyang sumagot. Sanay sa mga panandaliang bagay ang isipan niya.

Pagkatapos humingi ng tawad, ibinaling niya ang paningin niya sa walang hanggan. Sa pagdating ng pang-unawang dala ng kaloob ng Diyos, itinuon ni Rowin ang isipan niya sa mga bagay na hindi nagbabago, at umasa siyang darating ang panahon na mayayakap niyang muli si Maia. Doon sa langit, sabay silang magpupuri sa Panginoon.

May buhay sa kabila ng ating mortal na buhay. Iyon ang dapat nating pagtuunan. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Ituon mo ang mga paningin mo sa mga bagay na hindi magbabago. Lahat ng bagay sa mundo ay maglalaho. Tanging langit lang ang walang hanggan.

*Panginoon, ipaalala Mo po sa amin na ang buhay sa mundo ay panandalian lamang. Nawa'y mabuhay kami nang nakatuon sa aming tahanan sa langit.*

***San Benito ang Negro, ipanalangin mo kami.***

**5**
LUNES
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 2:14, 22-33
Salmo 16:1-2a, 5, 7-8, 9-10, 11
**Mateo 28:8-15**

*At dali-dali nga silang umalis sa libingan na may magkahalong takot at galak, at patakbong pumunta sa mga alagad upang ibalita ang nangyari. – Mateo 28:8*

# DADDY NA NAMAN

"Love, may magandang balita ako sa 'yo," sabi ng misis ko. "Magiging daddy ka na naman!"

"Ano? Pagkatapos ng labintatlong taon? *Wow!*"

Talagang may himala. At kagalakan — dumarating talaga ang purong kagalakan.

Binilang ko ang edad ko at kinalkula ko. Kapag pumapasok na sa elementarya ang *baby* ko, singkuwenta anyos na ako. Binilang ko rin ang edad ng misis ko at naisip kong delikado na ang pagbubuntis niya. Kinalkula ko rin ang edad niya kapag lumalaki na ang *baby* namin. Medyo nag-alala ako. Dumarating din ang takot.

Sa kasulatang ito, hindi pa naipapanganak ang *baby* namin.

Gayun pa man, patuloy akong napangibabawan ng galak. Tumingin ako sa langit. Ibinulong ng Diyos sa akin, "Manalig ka. Ako ang muling pagkabuhay. Ako ang buhay! Binibigyan kita ng buhay!"

Dumarating ang pananalig. Ang ganap na pag-ibig ang pumapawi sa takot. At pagkatapos nito, kapayapaan.

Iniiwan ko ang aking pagtataka at pag-aalinlangan at patakbo kong isinisigaw sa mundo: Ang Diyos natin ay buhay! *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Kinatatakutan mo ba ang mga bagay na walang kasiguruhan? Alalahanin Mo si Hesus na muling nabuhay. Manalig ka't mabuhay!

*Salamat, Panginoon, sa biyaya ng buhay at sa biyayang mabuhay nang may pananampalataya, pag-asa at pag-ibig. Amen.*

***San Becan, ipanalangin mo kami.***

**6**
MARTES
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 2:36-41
Salmo 33:4-5, 18-19, 20, 22
**Juan 20:11-18**

*Tinanong siya ni Jesus, "Babae, bakit ka umiiyak? Sino ang hinahanap mo?" – Juan 20:15*

# SINO ANG HINAHANAP MO?

Tatlong araw na mula nang ipinako si Jesus sa krus at nagdadalamhati si Maria Magdalena. Dagdag pa sa pagdadalamhati niya, nawala ang katawan ni Kristo sa himlayan nito. Abala siya sa kaiiyak kaya't hindi niya nakilala ang ipinagluluksa niya. Akala niya'y hardinero lamang iyon. Narinig niya si Jesus. At nakita niya. Gayun pa man, hindi niya nakilala.

Ang pangungulila, pagkabahala o ano mang matinding emosyon ay may paraan ng pagpapalabo ng pananaw natin sa Diyos. Masyado tayong nakatuon sa mga damdamin natin na hindi na natin nakikita ang mga biyaya o ang presensiya ng Diyos.

Sinasabi sa atin ng Mga Kawikaan 4:23 na higit sa lahat ay dapat nating ingatan ang puso natin dahil nakaaapekto ito sa lahat ng ating ginagawa.

Kadalasan, kapag nababahala tayo o nagagalit, hindi natin nakikita ang kamay ng Diyos sa bawat sitwasyon. Kapag may nangyayaring masama, pinahihintulutan nating mangibabaw ang takot, paghihirap o pagkabahala sa puso natin at nagdidilim ang ating pag-iisip.

Sa susunod na dumating ang paghihirap, manatiling kalmado nang makapag-isip ka nang malinaw at makita mo ang mga bagay-bagay mula sa mas mabuting perspektibo. Darating ang panahon na magliliwanag ang kadiliman at matatanto mo, "O, Diyos ko, palagi Ka palang naririyan!" Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)

Kapag hindi natin alam kung saan sa buhay natin hahanapin ang Diyos, magugulat na lang tayo na makikita natin Siya kung kailan hindi natin Siya inaasahan.

*Panginoon, pahintulutan Mong makita Kita kahit sa kadiliman ng buhay ko.*

***San Brychan, ipanalangin mo kami.***

**7**
MIYERKULES
**ABRIL**

**Ang Mga Gawa 3:1-10**
Salmo 105:1-2, 3-4, 6-7, 8-9
Lucas 24:13-35

*Ngunit sinabi ni Pedro, " Sa pangalan ni Hesu-Kristong taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad" ... Noon di'y lumakas ang mga paa at bukung-bukong ng lalaki. – Mga Gawa 3:6-7*

# ANG PINAKADAKILANG HIMALA

Tuwing binabasa ko ang Mga Gawa ng mga Apostol, palagi kong napapansin na ang mga gawain ng mga unang Kristiyano ay palaging nakaalinsabay sa mga dakilang himala. Kaya naman pala agad-agad silang nagbalik-loob sa Diyos!

Sa panahon ngayon, kapag may nagsasabing may himalang nangyari, nagdududa ako. At kadalasan, gawa-gawa ito ng mga manloloko o mga kriminal na nanghuhuthot ng pera sa mga tao.

Mas pinaniniwalaan ko ang kabutihan ng puso ng tao na ipinakikita sa mga simpleng paraan: ang mga gawain ni Banal na Mother Teresa ng Calcutta, ang *Operation Smile* ng mga doktor na nagkakawanggawa at ang Gawad Kalinga ni Tony Meloto. Kahit papaano, sa pagkakawanggawa nila, isinasabuhay ng mga taong ito ang mahahabagin at mapagpatawad na Diyos. Binibigyan nila ako ng inspirasyon na hanapin ang sarili kong paraan ng pagbabahagi ng Kanyang biyaya sa lahat.

Sa tingin ko, siguro, ang pinakadakilang himalang nagawa nila ay ang mapapaniwala tayo na kahit karaniwan lang ang buhay natin, may mas dakila tayong layunin na dapat nating tuparin. Sa pagtugon natin sa tawag ng Diyos, maaari tayong maging nagniningning na halimbawa sa mundong desperado para sa isang himala. *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Binibigyang-lakas ka ng Diyos na panibaguhin ang buhay ng kapwa mo. Gumawa ka ng himala!

*Panginoon, gamitin Mo ako nang matulungan kong maging dakila ang kapwa ko.*

***San Celso, ipanalangin mo kami.***

**8**

HUWEBES

**ABRIL**

**Ang Mga Gawa 3:11-26**
Salmo 8:2ab, 5, 6-7, 8-9
Lucas 24:35-48

*"At bigyan kayo ng kaunting panahon ng pamamahinga…." – Ang Mga Gawa 3:20*

## *GOD BLESS*

Ilang taon ko nang nakasanayang bumati ng *"God bless"* sa mga tao. Sa mga kausap ko nang harapan o sa telepono man o sa sulat gaya ng *email* – pati na rin pag nagbabahagi ako sa isang pagpupulong – kalimitan ang huling sinasabi ko ay *"God bless."*

Sa text naman, madalas may karugtong na "Gd bls" o "GBU!" Biniro nga ako ng isang kaibigan kong pari na *baduy* na raw ang *"God bless."* Subalit hindi ko pa rin inalis ang kagawian kong ito.

Para sa akin, kasama sa pagmamahal sa kapwa ang paghangad ng biyaya sa kanila. Ang mga salitang *"At bigyan kayo ng kaunting panahon ng pamamahinga"* ay nakapagbibigay-buhay, lalung-lalo na sa mga taong pinagbabalik-loob sa Diyos. Kailangan natin magbigay ng mga salitang nakapagbibigay-buhay sa isa't isa para makatulong tayong palaguin ang ating simbahan. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Nagbibigay ba ako ng salitang nakapagbibigay-buhay sa mga taong nakakausap ko?

*Salamat, Panginoon, at pinaalala Mo sa akin ngayon na mag-alay ng "blessing" o magandang hangarin sa mga taong nakakausap ko. Nawa'y maging isang taong mapagbigay-buhay ako. Amen.*

***San Walter ng Pontoise, ipanalangin mo kami.***

**9**
BIYERNES
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 4:1-12
Salmo 118:1-2, 4, 22-24, 25-27a
**Juan 21:1-14**

*Sinabi kay Pedro ng alagad na minamahal ni Jesus, "Ang Panginoon iyon!" – Juan 21:7*

# SINO PA BA?

Nakabukod na ako — mula Lunes hanggang Biyernes. Simula nang pumasok ako sa *Shepherd's Voice Publications*, tumira ako sa isang *apartment* malapit sa opisina para makatipid sa pamasahe.

Ang pagbabadyet ay isang hamon sa akin, lalo na nang ipinagpaliban ng kahati ko sa *apartment* ang paglipat niya roon. Napakahirap magbayad ng buong renta. Higit pa roon, patuloy akong nagbibigay ng kontribusyon ko sa bahay namin sa Parañaque. At kinailangan ko pa ng mga kagamitan para sa *apartment* ko.

Pero ang natutunan ko — at patuloy kong natututunan — mula sa karanasang iyon ay kung gaano ako inaalagaan ng Diyos. Nagkaroon ako ng dagdag na kita mula sa pag-o-*overtime* ko. Kalagitnaan ng taon, naging regular ako sa trabaho at nabigyan ng kalahating taong *allowance*. Tapos, sa kabila ng krisis sa ekonomiya, nagbigay ang opisina ng kalahating taong bonus. At ang kapatid kong may utang sa akin ay nagbayad na rin nang paunti-unti.

Sino pa ba ang nasa likod nito? Siguradong ang Panginoon iyon! At lalong lumalakas ang loob ko na ipagkatiwala sa Kanya ang bawat detalye ng buhay ko. *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Anong mga nagawa ng Diyos sa buhay mo? Gamitin mo ito sa pagpapalalim ng pananampalataya't pagtitiwala mo sa walang patid na pag-ibig ng Diyos sa iyo.

*Salamat, Panginoon, sa pag-ibig Mong walang hanggan. Tulungan Mo akong mabuhay sa kaalamang iniibig Mo ako.*

***Sta. Casilda,ipanalangin mo kami.***

10

SABADO

ABRIL

Ang Mga Gawa 4:13-21
Salmo 118:1, 14-15ab, 16-18, 19-21
**Marcos 16:9-15**

*"Ipangaral ninyo sa lahat ng tao ang Magandang Balita." – Marcos 16:15*

# MGA KRISTIYANONG TULAD NI KRISTO

Isinusulat ko ito sa gitna ng maraming kaguluhan sa mundo — ang pandaigdigang krisis sa ekonomiya, ang kawalan ng trabaho, kahirapan, karahasan, katiwalian, terorismo, at pagkasira ng kalikasan at ng moralidad at espirituwalidad. Ang panawagan para ipalaganap ang Ebanghelyo sa mundo ay kailangang kailangan ngayon.

Gayun pa man, naniniwala ako na dapat makita ng mundo sa ating mga Kristiyano ang pagsasabuhay ng Ebanghelyo. Habang ang mga matatatag na Kristiyanong katuruan at doktrina ng pananampalataya ay hindi dapat makompromiso, ang mga nagmula sa iba't ibang lahi, kultura't paniniwala ay panimulang tutugon sa mga karaniwang pundasyon tulad ng pag-unawa, respeto, kapayapaan, pag-asa, habag at pag-ibig. Higit sa lahat, pahahalagahan nila ang Ebanghelyo kung makikita nilang isinasabuhay natin ang ipinapangaral natin.

Paano natin mapagbabalik-loob sa pananampalataya ang isang di-Kristiyano kung nakikita niya sa buhay natin ang kakulangan ng disiplina sa sarili at ng tunay na pagbabago, o ang panghuhusga, pagkukundena't pananakit natin sa ating kapwa? Samantala, ang mabuhay sa pag-ibig at paglilingkod sa kapwa ay siguradong magiging pinakamabuti nating pang-akit sa ating pananampalataya.

Minsang sinabi ni Ghandi, "Kung lahat ng Kristiyano ay namumuhay tulad ni Kristo, ang buong mundo'y magiging Kristiyano." *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Ipinapalaganap ko ba ang Ebanghelyo ni Jesus sa pamamagitan ng pamumuhay ko na alinsunod sa pamumuhay Niya?

*Panginoong Jesus, tulungan Mo akong maging tulad Mo nang mapalaganap ko nang mas mabuti ang Ebanghelyo Mo sa kapwa ko. Amen.*

***San Miguel de Sanctis, ipanalangin mo kami.***

**11**
LINGGO
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 5:12-16
Salmo 118:2-4, 13-15, 22-24
Pahayag 1:9-11a, 12-13, 17-19
**Juan 20:19-31**

*"Huwag ka nang mag-alinlangan pa, sa halip ay maniwala ka." – Juan 20:27*

# "OW, TALAGA?"

Isang umaga, nagmadali ako papasok sa simbahan kung saan ako nagdarasal araw-araw bago pumasok sa trabaho. Nagulat ako nang makita ko roon si Ate Susan, isang kaibigan na matagal ko nang hindi nakita mula nang nakalaya ako sa kulungan.

"Beth, hindi aksidente ang pagkikita nating ito," sabi niya, "Pinatibay ng Diyos ang mensahe Niya sa akin. Tinatawag ka Niyang ipangaral pa lalo ang Ebanghelyo."

"Ow, talaga?" sagot ko nang may pag-aalinlangan. Hindi ko gaanong pinahalagahan ang sinabi niya bagama't sa isipan ko, matagal ko nang inasam at ipinagdasal na magkaroon ng gawain kung saan ako'y lalo pang makapaglilingkod sa Panginoon.

Hindi nagtagal, naimbitahan akong magpatotoo at magbigay ng mga *talk* tungkol sa pagkawasak ng kalooban at pagpapalakas ng loob sa Bangad, Talim Island at sa iba't ibang komunidad sa Visayas at Mindanao.

Ang Diyos ay tunay na tumutugon. Binigyan Niya ako ng bagong misyon: ang *prison ministry* (muli), pero ngayon, sa iba't ibang bahagi na ng Pilipinas ako pumupunta. Malay natin, maipadala naman ako sa iba't ibang bansa sa susunod upang ihayag ang Mabuting Balita ni Jesus. *Beth Corral (bethcorral_0330@yahoo.com)*

Pagninilay: Walang aksidente sa mundo. Alam nating ang lahat ng bagay ay nagkakaisang gumagawa para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Diyos. (Mga Taga-Roma 8:28).

*Panginoon, patuloy Mo po akong gamitin sa kung saan Ika'y mailuluwalhati at ang ngalan Mo'y dadakilain.*

***San Godeberta, ipanalangin mo kami.***

12

LUNES

ABRIL

**Ang Mga Gawa 4:23-31**
Salmo 2:1-3, 4-7a, 7b-9
Juan 3:1-8

*"Tulungan mo ang iyong mga alipin na maipangaral nang buong tapang ang iyong Salita..." – Ang Mga Gawa 4:29, 31*

# APOY!

"Panginoon, buksan po Ninyo ang pintuan sa pagpapahayag ng Inyong Salita!"

Ito ang dalangin ko mula nang dumating ako sa Port Moresby, ang kapital ng Papua New Guinea. Dahil matagal na akong naglilingkod sa Diyos sa paghahayag ng Salita, nais kong makapagbahagi ng Salita saan man ako mapunta. Nakatagpo ko na yata rito ang lahat ng uri ng mga Pinoy, mula sa maimpluwensiya hanggang sa mga pari at madre, at naibahagi ko sa kanila ang pagnanais kong maglingkod sa Panginoon. Walang nangyari sa labindalawang buwan ng paghihintay.

Umuwi ako sa Pilipinas para sa aking taunang bakasyon, at nakapagbahagi ako sa isang uri ng *Life in the Spirit seminar* sa Maynila. Pagbalik ko sa Papua New Guinea, nabangggit ko sa isang manggagawa roon na nagsusulat ako sa *Didache* at binigyan ko siya ng kopya nito. Ipinakilala niya ako sa tiyuhin niya na nag-imbita sa akin na dumalo at magbahagi sa lingguhan nilang *ministry*.

Sa mga sumunod na linggo, binigyan ako ng pagkakataong mangaral! Habang dinadasalan ko ang mga tao sa *altar call*, marami ang natumba gawa ng Espiritu! Ang iba nama'y parang nanginginig! Ang iba nama'y nagsiiyakan! Alam ko na ang mga ito'y napuno ng apoy ng Espiritu, kasama na ako! *Danny Tariman (danny@dtariman.com)*

Pagninilay: "Sa Diyos mo hanapin ang kaligayahan, at ang pangarap mo'y iyong makakamtan." (Awit 37:4)

*Maraming salamat po, Panginoon sa pagbibigay Mo sa aking nais. Ito'y isang maka-buluhang paghihintay. Mahal kita, Panginoon.*

***San Damian, ipanalangin mo kami.***

**13**
MARTES
**ABRIL**

**Ang Mga Gawa 4:32-37**
Salmo 93:1ab, 1cd-2, 5
Juan3:7b-15

*Nagkakaisa ang damdamin at isipan ng lahat ng ma-nanampalataya. – Ang Mga Gawa 4:32*

# TAYO'Y IISA

Mayroon akong tiyo na *Mormon* at isang pinsan na kasapi ng Ang Dating Daan. May panahon noon na kapag nagtitipon ang pamilya namin ay hinahamon namin ang mga paniniwala ng isa't isa, sinusubukang baguhin ang mga ito o kaya'y pinipilit naming manalo sa mga debate.

Wala ni isa sa amin ang nanalo. Bakit?

Sa halip na pagtuunan ang mga nagtutugmang paniniwala namin tulad ng pamumuhay nang marangal, pagdarasal, pagbibigay at pagmamahal pinili naming pagtuunan ang mga pagkakaiba namin. Kinalaunan, napagtanto naming walang kuwenta ang pagtatalo namin.

Ano na ang pinagtutuunan namin ngayon sa mga pagtitipon?

Ang kumain at magsaya.

Ngayon may tawanan at kagalakan na sa kuwentuhan namin tungkol sa buhay ng bawat isa. Inaalok namin ng pagkain ang bawat isa at pinararangalan ang presensya ng mga nakatatanda sa amin. Naglalaro ang mga anak namin, sumasayaw at kumakanta.

Isang pamilya kami at ito ang dahilan kung bakit kami nagtitipon. Pinaaalala nito sa amin na mas marami kaming pagkakatulad kaysa sa pagkakaiba.

Maaari tayong maging isa, kahit na magkakaiba ang pananampalataya natin. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Pamilya, kabutihan, pagbibigay nang bukas-palad, pag-ibig, pananalig, pag-asa: Masdan ang mga pagkakapareho na lililim sa ano mang pagkakaiba.

*Panginoon, nawa'y makakita ako ng pagkakatulad sa kabila ng mga pagkakaiba sa paniniwala, lalo na sa pamilya ko. Amen.*

***San Caradoco, ipanalangin mo kami.***

**14**

MIYERKULES
**ABRIL**

**Ang Mga Gawa 5:17-26**
Salmo 34:2-3, 4-5, 6-7, 8-9
Juan3:16-21

*Ngunit kinagabiha'y binuksan ng isang anghel ng Panginoon ang bilangguan at inilabas ang mga apostol... – Ang Mga Gawa 5:19*

# MENSAHE SA ISANG KATAWAN

Dalawampu't pitong taon na ang nakalilipas, napagaling ako't nailigtas dahil may isang taong nagbigay ng panahon niya upang ibahagi sa akin ang mensahe ni Jesus.

Sa talata ngayon, ipinakulong ng pinakapunong pari si Pedro dahil sa paghahayag nito na ang taong ipinako nila sa krus ay ang Mesias na sugo ng Diyos. Akala siguro ng pinakapunong pari na sa pagpatay kay Jesus ay matitigil na ang misyong sinumulan ni Kristo. Pero ipinagpatuloy ng mga apostol ang gawain ni Jesus at mas marami silang ginawang mga himala, signos at kababalaghan sa paghahayag nila ng Mabuting Balita sa ngalan ni Jesus.

Kung hindi napigil ng kamatayan ang pagpapalaganap ng mensahe ni Jesus, hindi rin ito magagawa ng kulungan. Binuksan ng isang anghel ang rehas ng kulungan at iniutos sa mga apostol na "tumuloy sa Templo at ibahagi sa mga tao ang mensahe ng buhay!"

Taglay natin sa ating kalooban ang mensahe ng buhay. Ibinigay ito sa atin para ibahagi, hindi itago. Nang ibinahagi ito ng mga Apostol, libu-libo ang napagaling at nailigtas sa isang araw lamang!

Simple lang ang mensahe: Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Panahon na para ibahagi natin ito't hipuin ang puso ng ating kapwa.

*Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Ibinabahagi mo ba sa iba ang mensahe ng buhay?

*Panginoon, nawa'y sa pamamagitan ng buhay ko ay maibahagi ko ang Iyong mensahe sa buong mundo.*

***San Lamberto ng Lyon, ipanalangin mo kami.***

**15**
HUWEBES
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 5:27-33
Salmo 34:2, 9, 17-18, 19-20
**Juan 3:31-36**

*"Ang mula sa lupa ay taga-lupa at nagsasalita tungkol sa mga bagay sa lupa..." – Juan 3:31*

# MGA BAGAY SA LUPA

Kilala mo ba ang pinakabagong napupusuan ni Piolo Pascual? Eh ang pinakabagong pangyayari sa mga telenobela sa *TV*?

Aaah... ito'y mga bagay sa lupa. Walang koneksiyon sa espirituwal na paglago ko. Pero alam mo? May kilala akong pari na alam na alam ang mga tinatawag nating "mga bagay sa lupa." At dahil dito'y nakukuha niya ang atensyon ng mga tao. Napapatawa niya sila kapag nagkukuwento siya ng mga bagay na interesante para sa mga parokyano niya. Tapos, unti-unti, sa maganda't aral na paraan, ipinapasok niya sa kuwento ang mensahe ng Diyos kapag nakatutok na sa pakikinig ang konggregasyon niya.

Nangusap si Jesus tungkol sa mga bagay sa langit na gamit ang mga kuwento ng mundo — tungkol sa mga tupa, ibon, isda, lambat, pampaalsa, buto ng mustasa at iba pang mga pangkaraniwang bagay. Nakauugnay agad dito ang mga tao dahil bahagi ang mga ito ng pang-araw-araw nilang buhay. At iniugnay sila ni Jesus sa Kaharian ng Diyos. Napakaganda!

Kapag nangusap ka tungkol lamang sa mga bagay sa lupa, maaari kang ituring na makamundong tao. Pero kung gagamitin mo ang mga ito para mapalapit at maintindihan ang Kaharian ng Diyos, mas maigi nang mabansagan kang makamundo. *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Abala ka ba sa mga bagay sa lupa o ginagawa mo bang kasangkapan ang mga ito para makilala ang Diyos at mabisang maibahagi ang mensahe Niya sa iyong kapwa?

*Jesus, tulungan Mo akong ituon ang puso, isip at kaluluwa ko sa mga bagay sa langit, at gamitin ang mga bagay sa lupa para maipakilala Ka sa aking kapwa. Amen.*

***Sta. Hunna, ipanalangin mo kami.***

**16**
BIYERNES
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 5:34-42
Salmo 27:1, 4, 13-14
**Juan 6:1-15**

*"Gayon nga ang ginawa nila, at nakapuno sila ng labin-dalawang baol." – Juan 6:13*

# ANG HIMALA NG TINAPAY MULI

Mahigit sampung taon na ang nakakaraan nang nakapag-*retreat* ako nang apat na araw kay Pascal Pingault, ang nagtatag ng *Bread of Life Community* sa Pransiya. Ibinahagi niya sa amin ang isang kaganapan. Nagkaroon ng ideya ang mga kasapi ng *Bread of Life Community* na bumuo ng Pentecostes para sa mga mahihirap. Kahit wala silang pondo, inimbita nila ang lahat ng nais dumalo. Pinlano nilang idaos ito nang tatlong araw. Hindi nila alam kung ilan ang pupunta pero patuloy nilang binuo ito. Nagtayo sila ng mga tolda atbp. *Limang libo ang dumating!* Masyadong marami iyon para pakainin, lalung lalo na't wala silang pondo. Pero nanampalataya sila't nanalangin. Kahima-himala talaga pero ang lahat ay nakakain sa tatlong araw na iyon. May isang mangkakatay ng karne na nagbigay ng isang toneladang kanin. Mayroon namang nagbigay ng isang trak ng tsokolate. Ang daming mga mahihirap na nakakain, nakapagdasal at nakapagsaya.

Totoong maaaring maulit ang mga himala sa Ebanghelyo sa panahon natin. Kung tayo lamang ay may pananampalataya at susunod sa bulong ng Banal na Espiritu. Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)

Pagninilay: Hinahayaan ko bang gamitin ako ng Banal na Espiritu para maghi-mala Siya? May sapat na pananampalataya at tiwala ba ako para maganap ito?

*Jesus ko, salamat sa Iyong pagpapaalala na malaki ang Inyong magagawa sa pamamagitan ko – kung ako lamang ay magtitiwala sa Inyo. Amen.*

***Sta. Engracia, ipanalangin mo kami.***

**17**
SABADO
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 6:1-7
Salmo 33:1-2, 4-5, 18-19
**Juan 6:16-21**

*Ngunit sinabi ni Jesus sa kanila, "Huwag na kayong matakot. Ako si Jesus!" – Juan 6:20*

# WALANG KABULUHANG PAGKATAKOT

Kailan ka huling natakot nang wala namang kabuluhan?

Araw iyon ng *thesis proposal defense* namin. Matagal ko nang kinatatakutan ang araw na iyon. Pero iyon din ang araw na ginusto ko nang matapos, dahil pagod na ako sa kakaaral at pakikipagtalo nang paulit-ulit. Alam kong handa kami pero hindi ko alam noon kung papasa sa mga panelista ang inihanda namin.

Noong umaga bago ang *defense*, hindi ako makapokus. Takot na takot ako. Bumagsak na kami minsan. Paano kung hindi kami pumasa? Paano na kung magkalat kami? Paano na kung magkalat ako?

At dumating na nga ang takdang oras. Habang naghahanda kaming apat sa grupo, nakaramdam ako bigla ng kakaibang katiwasayan. Pakiramdam ko, naroon ako sa puntong wala nang atrasan, at ang tanging daan lang ay ang pasulong. Palagay ko doon na ako sumuko sa Diyos. Hindi ko alam ang mangyayari, pero pinatibay sa akin ng Diyos na wala akong dapat katakutan dahil naroroon Siya. Kasama Niya ako at Siya'y hindi kailanman lilisan.

Siya nga pala, pumasa kami. *Tina Matanguihan (tina.matanguihan@gmail.com)*

Pagninilay: Huwag mong alalahanin ang bukas (o ang mamaya). Laging nariiyan ang Diyos.

*Panginoon, imulat Mo ang mga mata ng puso ko nang makita Kita sa tabi ko kahit ako'y natatakot.*

***Banal na Wando, ipanalangin mo kami.***

**18**
LINGGO
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 5:27-32, 40b-41
Salmo 30:2, 4, 5-6, 11-12, 13 (2a)
Pahayag 5:11-14
**Juan 21:1-19**

*"Hanapin... Ihulog... Magdala... Halikayo... Alagaan... Pakainin... Sumunod ka sa akin." – Juan 21:6 -19*

# SUMUNOD BAGO MAGREKLAMO

Sa ROTC namin noon, ang patakaran namin ay: "Sumunod muna bago magreklamo." Ang ideya roon ay mas nakaaalam ang mga opisyal at tagasunod lang kami kahit na hindi namin naiintindihan.

Parang ganito rin ang patakaran ko sa mga anak ko. Kapag sinasabihan ko si Iani na magbasa o si Tesa na magsanay sa pagsusulat, tinatanong nila ako, "Bakit, Daddy?" Pinagsasabihan ko sila, "Sumunod muna kayo bago kayo magtanong kung bakit." Saka ko ipinaliliwanag ang mga dahilan — paminsan-minsan.

Maraming beses na nagbigay si Jesus ng mga utos nang walang paliwanag. Ihulog ang lambat. Maghanap ng bagay. Magdala ng ilang mga isda. Mag-almusal tayo. Alagaan ang aking mga tupa. Pakainin ang aking mga tupa. At sumunod lamang ang mga Apostol. Hinigitan pa ng kapangyarihan Niya ang awtoridad ng isang opisyal ng militar o ng magulang. Kahit ang mga demonyo'y sumunod. Pero ang pinakamalalim na utos Niya ay ito: Sumunod ka sa akin.

Alam nating dapat tayong sumunod. Alam din natin kung bakit. Sa kabila ng ating kaalaman, sa puso't isipan at mga kilos natin, pinipili nating sumuway. Kahit na alam natin ang kahihinatnan ng pagsuway.

Ang pagsunod sa Diyos ay dapat maging paraan ng pamumuhay, hindi lang isang aktong pansamantala. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Magpasyang sundin ang Diyos sa lahat ng bagay, sa lahat ng paraan, sa lahat ng oras.

*Panginoon, tulungan Mo akong sumunod at huwag magreklamo, tumugon at huwag magtanong kung bakit. Amen.*

***San Laseriano, ipanalangin mo kami.***

19

LUNES

ABRIL

Ang Mga Gawa 6:8-15
Salmo 119:23-24, 26-27, 29-30
**Juan 6:22-29**

*"Hinahanap ninyo ako, hindi dahil sa mga himalang nakita ninyo, kundi dahil nakakain kayo ng tinapay at nabusog." – Juan 6:26*

# PAGTANGGI SA MGA LIBRE

Madalas akong mabigyan ng mga libre gaya ng libreng hapunan, isang bayad nang pamasahe sa eroplano o mga gamit pangregalo, kadalasan bilang pangganyak para kumuha ako ng *credit card* o sumali sa isang *seminar* kung saan magbebenta sila ng *membership* sa mga *hotel*.

Dati tinatanggap ko ang mga ganoong alok hanggang sa matanto ko na kinakansela ko rin naman ang *credit card* at hindi ko naman binibili ang *membership*. Di nagtagal, nawala na rin ang mga libre kaya't tinatanggihan ko na lang sila ngayon.

Alam na alam ni Jesus na ang pagpapasaya sa tao ay hindi tamang paraan para maniwala sila sa Kanya. Alam Niyang nakasunod sila sa Kanya dahil may naibibigay Siya. Nakakahiya na hindi nakita ng mga tao noon na sa pagdinig at pagtanggap kay Jesus ay makakamit nila ang yaman ng Kaharian Niya at hindi lang basta ang karaniwang tinapay at isda.

Tulad nito, hindi dapat nakasalalay sa signos o mga kababalaghan ang pananampalataya natin. Tulad ng mga libreng bagay, maaaring mawala rin ang interes ng tao sa mga ito, at lalo tayong maghihirap kung hindi natin maiintindihan ang mensahe na ibinabahagi ng Diyos.

*Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Kapag tinitingnan mo ang mga signos, nakukuha mo ba ang mensahe?

*Panginoon, bigyan Mo po kami ng pagkaing pangkaluluwa para sa buhay na walang hanggan.*

***San Antonio ng Pavoni, ipanalangin mo kami.***

**20**
MARTES
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 7:51-8:1a
Salmo 31:3cd-4, 6, 7b, 8a, 17, 21ab
**Juan 6:30-35**

*"Ano pong kababalaghan ang mapapakita ninyo upang manalig kami sa inyo? – Juan 6:30*

## MGA TALULOT NG ROSAS

Ang Mahal na Birhen na nakilala bilang *Our Lady, Mary Mediatrix of All Graces* ay nagpakita noong 1948 kay Teresita Castillo, nobisyada sa Monasteryo ng Carmel sa Lipa, Batangas. Kasabay ng aparisyon ang pag-ulan ng mga talulot ng rosas na may bakas ng imahen ni Jesus. Mahigit kalahating milyong deboto, kasama ang dating presidenteng Elpidio Quirino, ang dumagsa roon.

Ang lola kong si Sr. Elizabeth, OCD ay naging saksi sa mga pangyayari. Naikukuwento niya sa akin ang patotoo niya tuwing bumibisita ako roon. Naniniwala ako sa kuwento. Hanggang ngayon, pinagkakaingatan ko ang isang talulot na ibinigay niya.

Kamakailan lang ay naging deboto ng Mahal na Birhen ang pinsang kong si Raymond nang gumaling siya sa isang di-pangkaraniwang karamdaman na tinatawag na *cystic nephroma*. Nagtuloy ito sa pag-usbong ng pananampalataya niya at ng pamilya niya.

Nakita ni Teresing. Saksi si Sr. Elizabeth. Naranasan ni Raymond. Narinig ko at natunghayan ng mga deboto. Iba't iba ang naging karanasan namin pero lahat kami ay naniniwala sa Mahal na Birhen. Ang pananalig natin ay hindi tulad sa siyensiya na batay sa nakikita natin, nahahawakan, naaamoy, naririnig o nalalasahan. Sadya tayong naniniwala at nagtitiwala sa Diyos. Suwerte na lang kung may himala.

*Marie Franco (rfranco@its.jnj.com)*

Pagninilay: Mayroon pa ba tayong hinihintay bago tayo ay magbago ayon sa Kanyang mga salita?

*Diyos Ama, bigyan Niyo ako ng sapat na biyaya upang maging matatag ang ak-ing pananampalataya sa Iyo.*

***San Mariano, ipanalangin mo kami.***

# 21
MIYERKULES
ABRIL

Ang Mga Gawa 8:1b-8
Salmo 66:1-3a, 4-5, 6-7a
**Juan 6:35-40**

*"Ang sumasampalataya sa akin ay hindi na mauuhaw kailanman... nakita na ninyo ako, ngunit hindi pa rin kayo sumampalataya sa akin." – Juan 6:35-36*

## ISUKO MO SA KANYA!

Kapag buo na ang paningin ng mga sanggol sa ika-apat na buwan nito, noon lang ito nakakikita nang malinaw. Samantala, higit na umaasa ang sanggol sa pandinig niya. Para sa sanggol na tumira sa sinapupunan ng kanyang ina nang siyam na buwan kung saan puro mahinang tunog lamang ang naririnig, ang ingay ng mundo ay maaaring nakakatakot. Kapag nag-iisa ang sanggol sa higaan at nakaririnig ito ng maraming tunog na di pamilyar sa kanya, natatakot ito't biglang iiyak. Pero kapag narinig na niya ang nakakakalmang tinig ng kanyang ina kasunod ng tunog ng bote ng gatas na inaalog, alam na niya na kasunod noon ay ang pagbuhat sa kanya ng maiinit na mga bisig at pakakainin na siya.

Walang kabuluhan sa mga sanggol ang "ang nakikita ay pinaniniwalaan." Ang tanging magagawa lamang nila ay ang magtiwala sa taong nagmamahal sa kanila.

Sa paniwala ko ito ang modelong itinalaga ng Diyos sa buhay natin upang ang mga limitadong pag-iisip natin ay maintindihan kung gaano Niya tayo kamahal. Pinaalala ni Hesus sa atin na kung ang mga magulang natin dito sa mundo ay hindi tayo pagkakaitan ng mga bagay na makabubuti sa atin, gaano pa kaya tayo bubuhusan ng mga biyaya ng Ama natin sa langit?

Panahon nang isuko natin sa Diyos ang lahat ng pag-aalinlangan natin at manalig na lang sa Kanya. *Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Ang maniniwala ay makakikita.

*Jesus, tulungan Mo akong maniwala!*

***San Beuno, ipanalangin mo kami.***

22
HUWEBES
ABRIL

Ang Mga Gawa 8:26-40
Salmo 66:8-9, 16-17, 20
**Juan 6:44-51**

*"Ang bawa't nakikinig sa Ama at natututo ay lalapit sa akin." - Juan 6:45b*

# MAKINIG AT MATUTO

Inimbita ako ng isang madre na dumalo sa *Gender Sensitivity Seminar*. Karamihan ng naroon ay mga madreng galing sa iba't-ibang kongregasyon. Sa ikatlong araw, nang nagdarasal kami, ang "Ama Namin" nila ay "Ina Namin." Pagkatapos ng mga dasal, pinuna ko yung bersyon nila ng "Ama Namin." Sa naging paliwanag nila, nahalata ko na ang grupo nila'y peminista. May kinausap akong pari tungkol sa karanasang ito at sinabi niya sa akin na mga madreng rebelde ang nakasama ko. Hindi masasabing hindi nila narinig ang turo ng Diyos. Sa paghuhubog sa kanila, marami silang napag-aralan. Talagang isang bagay ang makinig sa turo ng Diyos, at isang bagay din ang matuto sa itinuturo ng Diyos. Binibigyan ito ng diin sa Ebanghelyo natin ngayon. Ang "makikinig sa Ama" at ang "matututo" sa Ama ang lalapit sa Kanya. Gaya ng kasabihan tungkol sa mag-asawa — "bale wala kung wala ang isa" — bale wala ang sinasabi ng Diyos kung hindi tayo matututo rito. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Bukas ba ang puso at isip kong matuto sa tinuturo ng Diyos? O may kiling ba ang aking pakikinig?

*Panginoon, bigyan Niyo ako ng pusong dalisay na hindi nadudungisan ng mga pagnanais at kahilingan ng tao at ng matanggap ko nang buo ang Iyong kagustuhan para sa akin. Nawa'y marinig ko ang Iyong katotohanan. Amen.*

***San Miles, ipanalangin mo kami.***

**23**

BIYERNES

**ABRIL**

**Ang Mga Gawa 9:1-20**
Salmo 117:1bc, 2
Juan6:52-59

*"Pinili ko siya upang ipangaral ang aking pangalan sa mga Hentil, sa mga hari, at sa mga anak ng Israel."*
*– Ang Mga Gawa 9:15*

# SI PEDRO AT SI PABLO

Itinuturing si San Pablo na isa sa mga Ama ng Simbahan kasunod ni San Pedro, pero magkaibang magkaiba sila. Kung si Pedro ay nakasama ni Jesus mula sa simula ng gawain Niya, si Pablo ay dumating pagkatapos nito. Matapat si Pedro sa mga katuruan ni Jesus habang si Pablo ay dedikado sa pagpapahirap sa mga Kristiyano. Sa huli, kumilos ang Diyos kay Pablo at siya'y naging santo.

Puwedeng uriing Pedro at Pablo ang mga tao ngayon. May mga Pedro na naniniwala, nakakikilala sa Diyos, nagpapakabait mula pa noong pagkabata. Sila ang mga taong lumaking kilala si Jesus kaya't ang pagsunod sa Kanya ay isang natural na tugon. Mayroon ding mga Pablo na noo'y kilala na si Jesus pero sa kakaiba at negatibong paraan. Sila ang hindi makaintindi kung sino Siya kaya't pinahihirapan nila ang mga Pedro, o hindi nila binibigyan ng pansin ang mga ito. Pero kapag nagpakilala sa kanila ang Diyos, nagiging tapat sila sa Kanya tulad din ng mga Pedro.

Palagay ko ito ang dahilan kung bakit pinili ng Diyos ang dalawang santong ito para maging mga Ama ng Simbahan: ang ipakita na kahit ano pang naging buhay mo, kumikilos ang Diyos sa iyo at sa pamamagitan mo. *Tina Matanguihan (tina.matanguihan@gmail.com)*

Pagninilay: Maging isang Pedro ka man o Pablo, mahal ka pa rin ng Diyos.

*Panginoon, pagkalooban Mo ako ng pagiging tapat gaya nina San Pedro at San Pablo.*

***San Felix, ipanalangin mo kami.***

24

SABADO

ABRIL

**Ang Mga Gawa 9:31-42**
Salmo 116:12-13, 14-15, 16-17
Juan 6:60-69

*Hinawakan ni Pedro ang kanyang kamay at tinulungang bumangon. – Ang Mga Gawa 9: 41*

# IBANG URI NG PAGPAPAGALING

Ginawang misyon ni Jean ang pagtulong sa mga may kanser. Ang mga magulang niya, ang biyenan niyang lalaki at, kamakailan lamang, ang asawa niya ay namatay dahil sa sakit na ito. Ginagamit niya ang mga sarili niyang karanasan para bigyang ginhawa ang ibang nasa ganoong situwasyon.

Pinapayuhan niya ang mga wala nang pag-asang gumaling. Pinakikinggan niya sila. Dinadamayan niya sila sa pag-iyak. Nakagiginhawa ang presensya niya. Higit pa roon, tinutulungan niya silang maging handa sa ano mang hinaharap nila.

Marami ang itinatangging may sakit sila. Ang ilan ay nagagalit. Ang iba naman ay nakikipagtawaran sa Diyos. At may ilan namang nawalan na ng pag-asa at nagsasabing, "Wala na akong pakialam." Inaalalayan sila ni Jean sa ganitong mga panahon. Ramdam niya sila. Pinagdaanan niya kasi iyon.

Isa siyang lagusan ng mga di-pisikal na himala: nanumbalik na ugnayan sa Diyos, naunawaang mga damdamin at pagkakaroon muli ng buhay-pananalangin. Ang pangako ng langit para sa mga malapit nang mamatay ang nagpapagaling sa kanilang buhay-pananampalataya. Si Jean ay kinasangkapan ng Diyos para sa kakaibang paggaling.

Anong uri ng pagpapagaling ang maibibigay mo sa mundo? *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Kilalanin mo ang mga taong nangangailangan ng pagpapagaling mo.

*O Banal na Manggagamot, gamitin Mo ako nang ako'y makapagpagaling. Gawin Mo akong daluyan ng nagpapagaling Mong pag-ibig.*

***San Egberto, ipanalangin mo kami.***

**25**
LINGGO
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 13:14, 43-52
Salmo 100:1-2, 3, 5
**Pahayag 7:9, 14b-17**
Juan 10:27-30

*At papahirin ng Diyos ang bawat luha sa kanilang mga mata. – Pahayag 7:17*

# PAPAHIRIN NG DIYOS ANG MGA LUHA MO

Nagkaroon lamang ng kabuluhan ang lahat ng mga nangyari sa buhay ko nang makilala ko ang Diyos.

Dati, para lang silang mga di-maipaliwanag at di kanais-nais na mga kaganapan.

Naghiwalay ang mga magulang ko noong bata pa ako. Nagkaroon ako ng *epilepsy* noong nasa *high school* ako. Namatay ang ama ko nang magkakabalikan na sila ng ina ko. At sunud-sunod pang mga masasakit at nakadadalang kaganapan ang nangyari. Ang pinakamabigat ay noong muntik na akong mamatay dahil sa isang sakit na walang kagalingan.

Gayun pa man, palagi kong inihahayag ngayon, "Napakaganda ng buhay ko!"

Ginagawa ko talaga iyon. Dahil nang nakilala ko ang Diyos, nagbago ang buhay ko — mula sa pagtuon lang sa mga malulungkot, di-maganda at masasakit na karanasan hanggang sa masasaya, magaganda't mapanagumpay na karanasang nagaganap din sa buhay ko noon. Hindi ko lang nakita ang magagandang karanasan hanggang noong pinawi ng Diyos ang mga luha ko.

Kapag nasa buhay mo ang Diyos, ang mga luha sa mga mata mo ay magiging luha ng pag-asa, kapayapaan at kagalakan! *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Lumuluha ka ba dahil sa pighati at sakit, galit at poot? Hayaan mong pahirin ng Diyos ang mga luha mo ngayon.

*Panginoong Diyos, iniaalay ko sa Iyo ang nakaraan ko. Pahintulutan Mo akong mabuhay ngayon sa Iyong presensya! At pahintulutan Mo akong ikasiya ang dakilang hinaharap na inihanda Mo para sa akin. Amen.*

***Banal na Guillermo Marsden, ipanalangin mo kami.***

26
LUNES
ABRIL

Ang Mga Gawa 11:1-18
Salmo 42:2-3; 43:3-4
**Juan 10:1-10**

*"At sumusunod naman ang mga ito sapagkat kilala nila ang kanyang tinig." – Juan 10:4*

# KILALA MO BA ANG TINIG NIYA?

Sa nabasa kong balita sa pahayagan, inutusan ng isang taong tumawag at nagpanggap na amo na kunin ng katulong ang lahat ng pera nila't alahas at dalhin ito sa isang lugar sa takdang oras dahil naaksidente raw sila. Dalawampung taon nang naglilingkod sa pamilyang iyon ang nabiktimang katulong at hindi pa rin niya kilala ang tinig ng amo niya!

Nakalulungkot na nabibiktima tayo ng ganitong uri ng panloloko. Mula kapanganakan natin ay Kristiyano na tayo, pero hanggang ngayon, hindi pa rin natin nakikilala ang tinig ng Diyos. Siguro dahil hindi tayo nagbibigay ng panahon upang makilala Siya. O siguro dahil sa tingin natin ay kilalang-kilala na natin Siya kaya't pinangungunahan natin Siya sa mga paniniwala natin. "May sakit pa rin ako dahil hindi gaanong malakas ang pananampalataya ko." "Mahirap ako dahil ito ang kalooban ng Diyos para sa akin."

Masyadong matalinhaga at mapagpatawad ang Diyos para ikahon natin Siya sa isipan natin. Kung madali natin Siyang mababasa, walang saysay ang pagiging Diyos Niya. Maglaan tayo ng panahon para makilala Siya nang makilatis natin kung ang isang bagay ay mula talaga sa Kanya o sa kaaway. Simulan mo ngayon.

Kaya sa susunod na tatawag ang kaaway, nagpapanggap na siya ang Diyos, masasabi na natin, "Pasensya na, *wrong number*." Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)

Pagninilay: Kilalanin mo ang tinig ng Diyos ngayon.

*Panginoon, palalimin Mo pa ang pagkakakilala ko sa Iyo at sa kalooban Mo para sa akin.*

***San Aldo, ipanalangin mo kami.***

# 27
MARTES
**ABRIL**

Ang Mga Gawa 11:19-26
Salmo 87:1b-3, 4-5, 6-7
**Juan 10:22-30**

*Ang mga ginagawa ko sa pangalan ng aking Ama ang nagpapatotoo tungkol sa akin... – Juan 10:25-26*

## ANG TUNAY NA HIMALA

Noong bata pa ako, sikat na sikat ang mahika ni David Copperfield. Habang manghang-mangha kami sa panonood sa kanya, ang nakatatanda kong kapatid ay abala sa pagkokomento kung paano, sa palagay niya, ginagawa ang mga salamangka.

Napapaisip tuloy ako kung paano ipinaliwanag ng mga di sumasampalataya ang mga himala noong panahon ni Jesus. Kahit na walang salamangka ang mga iyon, ayaw nilang makinig sa kutob nila at gumawa pa sila ng istorya tungkol sa kung paano raw itinakas ng mga Apostol ang katawan ni Jesus noong muling pagkabuhay nito.

Siguro iyon ang dahilan kung bakit, kahit may kapangyarihan Siya, hindi Niya kailanman ginamit ang mga himala bilang sentro ng gawain Niya. Pinagaling Niya ang mga karamdaman sa paglalayong hilumin ang mga kaluluwang nilipos ng kasalanan.

Ganito ang sinabi ng manunulat na si Philip Yancey: "Walang hinarap si Jesus na karamdaman na hindi Niya kayang pagalingin, isang kapansanan sa kapanganakan na hindi Niya kayang iwasto, isang demonyong hindi Niya kayang palayasin. Ngunit hinarap Niya ang mga taong nag-alinlangan na hindi Niya kayang kumbinsihin at mga makasalanang hindi Niya kayang baguhin."

Ang tunay na himala ay ang kapatawaran ng Diyos at ang ating kasunod na pagsisisi at pagbabago. Pinahihintulutan mo ba si Jesus na gumawa ng himala sa iyo? *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: "Hindi nagmumula ang pananampalataya sa himala, kundi ang himala ay nagmumula sa pananampalataya." (Fyodor Dostoevsky)

*Panginoon, naniniwala ako. Tulungan Mo akong mapanagumpayan ang pag-aalinlangan ko!*

***Sta. Zita, ipanalangin mo kami.***

**28**

MIYERKULES

**ABRIL**

**Ang Mga Gawa 12:24-13:5a**
Salmo 67:2-3, 5, 6, 8
Juan 12:44-50

*Sinabi sa kanila ng Espiritu Santo, "Ibukod ninyo sina Bernabe at Saulo. Sila'y pinili ko para sa tanging gawaing inilaan ko sa kanila." – Ang Mga Gawa 13:2*

# ANG MISYON KO SA BUHAY

Puwede mo bang gawin ito?

Ipalit mo ang pangalan mo sa talata ngayon.

Ano ang dating nito sa iyo?

At ang "gawain" — tinutupad mo ba ang tungkuling iniatas sa iyo ng Diyos? Alam mo ba naman kung ano iyon?

Sa pagsusuri ko ng buhay ko, masasabi ko na nitong nakaraang 15 taon ko lang sinimulang tuklasin kung ano ang kalooban ng Diyos para sa buhay ko (mahigit 50 na ang edad ko). At kahit gaano kahuli, naging masaya ang paglalakbay ko.

Alam ko na ngayon na ibinukod ako ng Diyos upang maglingkod para sa kaharian Niya. Binigyan Niya ako ng mga talinong nagagamit ko ngayon para pagpalain ang ibang tao. Kinasangkapan din Niya ang mga kahinaan ko, tulad ng pagiging tahimik ko at ng pagpili kong mapabilang sa maliliit na *prayer group* kaysa sa malalaki, upang masakatuparan ko ang layunin Niya sa buhay ko. Pagsusulat, pagpapayo, pag-alalay sa maliit na *prayer group* — ito ang ilan sa mga kinasangkapan ng Diyos para makapagbigay-inspirasyon ako sa aking kapwa.

Ang malaman ito ay nagbigay sa akin ng malaking pagbabago sa buhay ko ngayon. *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Alam mo ba kung ano ang misyon ng Diyos para sa buhay mo? Tuklasin mo.

*Ituro Mo ako sa misyon ko sa buhay, Panginoon, at pagkalooban Mo ako ng lakas ng loob na tuparin ito.*

***Sta. Valeria, ipanalangin mo kami.***

**29**

HUWEBES

**ABRIL**

Ang Mga Gawa 13:13-25
Salmo 89:2-3, 21-22, 25, 27
**Juan 13:16-20**

*"Tandaan ninyo: ang tumanggap sa sinugo ko'y tumatanggap sa akin; at ang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin." – Juan 13:20*

# KAWANGIS TAYO NI KRISTO

Sa pelikulang *Mulan*, may bahagi ang pangunahing awit nito na, *"When will my reflection show who I am inside?"* (Kailan ipakikita ng repleksyon ko kung sino talaga ako?)

Ako ay masayahing tao, palabati, palangiti, buong-pusong nag-aalok ng kung ano ang maitutulong ko, maayos, masunurin, maawain, maaalahanin, mapagbigay, masipag. Iyan ang pagkakaalam ko at ng marami kong kakilala, iyan ako.

Ngunit kung susuriin kong mabuti, kung minsan pasaway din ako – mataray sa tindera, mapaghusga sa di ko kakilala, mainisin sa makukulit, iritable sa siksikang MRT, di sumusuporta sa asawa ko, masungit sa anak ko. May mga oras din na tamad ako, nagsisinungaling at hindi marunong humawak ng pera. Sa mga pagkakataong ito, parang hindi ko kilala ang katauhang ito.

Tayo'y nilikha na kawangis ni Kristo. Iniuutos Niyang tayo ay humayo at maging ilaw at tagapagdala ng Mabuting Balita ng Kanyang pagmamahal. Kung makikitang si Kristo ay nananahan sa atin, mas madali para sa mga taong tanggapin Siya at ialay ang kanilang buhay sa Kanya. *Sol Saura (solmsaura@gmail.com)*

Pagninilay: Sa lahat ng ating ginagawa, ito sana'y nagpapakita ng pagmamahal ng Panginoon.

*Panginoon, baguhin mo ako upang makita Ka ng mga tao sa akin.*

***San Pedro ng Verona, ipanalangin mo kami.***

**30**

BIYERNES

**ABRIL**

Ang Mga Gawa 13:26-33
Salmo 2:6-7, 8-9, 10-11ab
**Juan 14:1-6**

*"Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan?" – Juan 14:2*

## SORPRESA SA ARAW NG MGA PUSO

Nang inihatid ako ni Tommy pauwi mula sa una naming Valentine *date*, isang magandang sorpresa ang bumulaga sa akin.

Ang una kong napansin pagbukas ko ng pinto ng kuwarto ko ay ang napakabangong halimuyak ng mga bulaklak. Puno ng mga lobo't talulot ng rosas ang kama ko! Isang malaking bungkos ng mga bulaklak ang nakalatag sa gitna nito katabi ang isang regalo at isang sulat.

Sinabi sa akin ng daddy ko na dumating si Tommy sa bahay namin at humingi ng permiso sa kanya noong hapon kung maaari siyang pumasok sa kuwarto ko. Dinekorasyunan niya muna ang kuwarto ko bago niya ako sinundo para sa *date* namin. Magtataka ka pa ba kung bakit pinakasalan ko siya?

Kung ang pag-ibig ni Tommy sa akin ay naghatid ng kahanga-hangang mga resulta, isipin mo na lang kung ano ang naghihintay sa atin pagdating natin sa lugar na inihanda ni Jesus para sa atin sa bahay ng Ama Niya.

Ating tandaan na hindi natin dapat kapitan ang mga bagay sa mundong ito. Ang mabuhay para sa Diyos at ang paglilingkod sa kapwa natin ang maghahatid sa atin ng walang-katulad na kayamanan. Sigurado akong masosorpresa ka nang husto kapag nakita mo na ang mga inihanda ni Jesus para sa iyo. *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Handa ka na ba sa *date* ninyo ni Jesus?

*Dalhin Mo ako sa kinaroroonan Mo, Panginoong Jesus.*

***San Adjutor, ipanalangin mo kami.***

**1**
SABADO
**MAYO**

Ang Mga Gawa 13:44-52
Salmo 98:1. 2-3ab. 3cd-4
**Juan 14:7-14 (or Mateo 13:54-58)**

*"At anumang hilingin ninyo sa aking pangalan ay gagawin ko upang maparangalan ang Ama sa pamamagitan ng Anak." – Juan 14:13*

# KAPANGYARIHAN NG PAGHINGI

Isang gabi, nagtanong ang panganay kong si Bene, "Pagkatapos kumain, puwede po ba akong maglaro sa kompyuter?" Sumagot ang misis ko, "Anak, magbasa ka ng libro."

"Mommy, pagkatapos kong magbasa ng libro, puwede po ba akong maglaro sa kompyuter?" Sagot ng misis ko, "Anak, pagkatapos mong magbasa, matulog ka na."

Nagtanong na naman si Bene, malapad ang ngiti, "Mommy, pagkatapos kong magbasa ng libro, bago ako matulog puwede po ba akong maglaro sa kompyuter nang kalahating oras?"

"Hindi, gusto ko matulog ka na agad."

"Mommy, kung 15 minuto lang?" Nagpatuloy ang tawaran hanggang sa pumayag ang misis ko.

Inasahan ng anak kong makukuha niya ang gusto niya. Gamit ang ngiti niya at mapupungay na mga mata, nakipag-areglo siya. Pero ang mahalaga roon ay nakuha niya ang gusto niya.

Tayong may gulang na, sinasabi natin sa Diyos, "Panginoon, pakiusap, bigyan Mo ako…." At kapag hindi ibinigay, "OK, di bale na lang." Sumusuko na tayo agad. Pero nakikibagay ang sanlibutan sa mga inaasahan mo. Kung wala kang inaasahan, wala kang matatanggap.

Humingi ka. Hindi lang ng kaunti. Doblehin mo! *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: May ninais ba akong maganap o makamtan sa buhay ko? Patuloy ko bang ipinagdarasal ito o madali ba akong sumuko?

*Panginoon, turuan Mo akong magsumikap sa pagdarasal na hindi nakalilimutang naririyan Ka, nakikinig, at tutugon sa paraang pinakamabuti para sa akin.*

***San Marculfo, ipanalangin mo kami.***

**2**
LINGGO
**MAYO**

Ang Mga Gawa 14:21-27
Salmo 145:8-9, 10-11, 12-13
Pahayag 21:1-5a
**Juan 13:31-33a, 34-35**

*"Kung kayo'y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko." – Juan 13:35*

# SAKSI NI KRISTO

Ang paksa ng katuruan namin sa *Covenant Community* noong araw na iyon ay kung paano makitungo sa isa't-isa kapag nasa publiko.

Dapat daw, kapag nagkikita kami, babatiin namin ang isa't isa sa pamamagitan ng halik (kung babae sa babae) o ng yapos sa balikat o "*side hug*" (kung lalaki sa lalaki). Kapag lalaki sa babae, nasa kagustuhan na raw iyon ng babae. Layunin daw na ipakita nito na saksi kami ni Kristo. Kaya nga kahit tila de-kahon ang pamamaraan ng pagbating itinuro sa amin, may kabuluhan din ito.

Bilang isang Kristiyanong komunidad, kailangan naming ipakita na disipulo kami ni Jesus; na kami ay nagmamahalan. Totoo ngang pumapalya rin kami sa pagmamahalan dahil sa mga pagkukulang namin. Kaya lalo nang kailangan ikahon ang pakikitungo namin para sa aming pagsasaksi. Pero siyempre, ang direksyon pa rin ay ang magmahalang tunay. Dapat habang tumatagal ay hindi na de-kahon ang pakikitungo kundi tunay na pagmamahalan. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Ano ang magagawa ko para maging saksi ako ng pagmamahal?

*Jesus ko, turuan Mo akong mahalin Ka at ang aking kapwa ayon sa kagustuhan Mo. Ibig kong ipahayag ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng buhay ko. Mahina ako kaya kailangan Kita para magampanan ko ito. Amen.*

***Sta. Zoe, ipanalangin mo kami.***

**3**
LUNES
**MAYO**

1 Mga Taga-Corinto 15:1-8
Salmo 19:2-3, 4-5
**Juan 14:6-14**

*Kapistahan nina San Felipe at San Santiago, mga Apostol*

*"Gagawin ko ang anumang hihilingin ninyo sa pangalan ko." – Juan 14:14*

# DIYOS NG IMPOSIBLE

*"So how did you manage to check in your overweight baggage?"* tanong ng guwardya na nangingikil sa akin habang papalabas ako ng Jackson *International Airport* upang kumain.

*"There is nothing impossible with the Lord!"* sagot ko.

*"What?"* nagtatakang tanong ng guwardiya.

Kani-kanina lang sa *check-in counter* ng Air Nuigini, sinabihan ako na sobra ng 11 kilos ang timbang ng bagahe ko. Agad kong kinalkula sa piso ang babayaran ko. Kailangan kong magbayad ng mahigit P9,600 para sa isang kahong karne norte! Sobrang mahal! Pero sa halip na sumuko ako, nanalangin ako sa ngalan ni Hesus na sana'y wala na akong babayaran.

Pagkaraan ng 20 minuto, nilapitan ako ng isang *assistant* sa *check-in counter. "Sir, my boss is asking you to come and check in your baggage."*

Matapos ang ilang katanungan, tinanggap na ang bagahe ko nang walang bayad kahit isang kusing!

Tunay ngang Siya ang Diyos ng imposible! *Danny Tariman (danny@dtariman.com)*

Pagninilay: "Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa panalangin, manalig kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo." (Marcos11:24)

*Maraming salamat, Panginoon, sa susi ng sagot sa aming panalangin – ang Inyong pangalan.*

***San Ansfrido, ipanalangin mo kami.***

# 4

MARTES

MAYO

Ang Mga Gawa 14:19-28
Salmo 145:10-11, 12-13ab, 21
**Juan 14:27-31a**

*"Huwag na kayong mabalisa; huwag na kayong matakot." – Juan 14: 27*

## PAG-ASA SA PUSO

Sa pelikulang *Prince Caspian,* kinalaban ng mga bida ang isang napakalaking hukbo. Alam nilang kailangan nila ang tulong ni Aslan (ang leon), Hari ng Narnia, na nagsabing darating siya kung kakailanganin nila siya. Nang hindi nila siya nakita, isinuko nila ang pag-asa at umasa sa sarili nilang kakayahan.

Lumaban sila ngunit masyadong malakas ang puwersa ng kalaban. Dahil malapit na silang matalo, wala na silang magawa kundi ang maniwalang dadating si Aslan. Taglay ang pag-asa sa puso nila, dumating si Aslan at iniligtas sila.

Noong nasa *high school* ako, may araw na hindi na alam ng mga magulang ko kung saan sila kukuha ng kakainin namin. Sinubukan nilang manghiram at kumilos pero walang nangyari. Biglang dumating ang isang tiyuhin ko at inabutan kami ng perang pantawid. Napaiyak ang ama ko at ikinuwento niya kung paano siya nagdasal na tulungan sila ng Diyos. Nang wala na siyang magawa, lumapit siya sa Ama.

Kung aasa lamang tayo sa Diyos, mababawasan ang mga alalahanin natin. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Gawin mong unang takbuhan ang Diyos. Lagi ka Niyang tutulungan.

*Iniaalay ko sa paanan Mo, Panginoon, ang lahat ng mga alalahanin ko. Hindi ko na uli hahayaang mabahala ang puso ko.*

***San Agustin Webster, ipanalangin mo kami.***

# 5
MIYERKULES
MAYO

Ang Mga Gawa 15:1-6
Salmo 122:1-2, 3-4ab, 4cd-5
**Juan15:1-8**

*"Napaparangalan ang aking Ama kung kayo'y masaganang nagbubunga…" – Juan 15: 8*

## MAKABULUHANG BUHAY

Sinabi ko na ito noon, at sasabihin ko uli.

Ang pinakamagaling at pinakamabisang patunay sa ating pagiging Kristiyano ay ang pamumuhay natin nang may kabuluhan.

Maaaring mabigo tayo ngayon, madapa at patuloy na magkaroon ng mga problema.

Ang sabi ko, makabuluhang buhay at hindi perpektong buhay… bagama't may ginagawa rin ang Diyos d'yan.

Maaari tayong magsalita, magturo at mangaral, makipagdebate at makipagtalo, at mangumbinsi o kaya'y mailigaw ang bawat isa sa ngalan ng pananampalataya o relihiyon.

Ngunit hangga't hindi nakikita ng tao sa atin ang mga bunga ng buhay, hindi nila malalaman kung ano ang punong sinasabi natin. At ang mga bunga ay makikita sa mga gawain natin at sa buhay natin.

Tapat ba tayo sa ating gawain, malaki man ito o maliit? Tapat ba tayo kung mamuhay, sa grasya ng Diyos, nagiging mas mapagmahal bawat araw?

At kung ganito nga tayo, makikita ng tao ang kaluwalhatian ng Diyos sa atin. Papuri sa Diyos! *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Kapag nakikita ng tao ang gawain at buhay natin, nakikita ba nila ang Diyos sa atin?

*Panginoong Diyos, sa Iyong biyaya, pahintulutan Mong makita ng aking kapwa sa buhay ko ang kabutihan Mo't kadakilaan. Amen.*

***San Brito, ipanalangin mo kami.***

6

HUWEBES

MAYO

Ang Mga Gawa 15:7-21
Salmo 96:1-2a, 2b-3, 10
**Juan 15:9-11**

*"Kung paanong inibig ako ng Ama, gayundin naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig. "*
*– Juan 15:9*

# HAMBOG NA KABANALAN

Matapos mag-*postgraduate studies* sa Europa, inanunsiyo ng ate ko na magpapakasal na siya sa isang Italyanong nakilala niya roon. Hindi namin tinanggap ng mga kapatid kong babae ang balita nang mabuti dahil ang relasyon nila'y hindi pa nakikilatis at napagdadasalan ayon sa pamantayan ng komunidad namin.

Nang dumating dito sa bansa ang lalaki, nakataas ang mga ilong naming magkakapatid, na sa sobrang taas ay masisilip mo na ang utak namin. Kokontaminahin ng isang *non-renewed Christian* ang lahi namin! Dumalo pa siya sa *Life in the Spirit Seminar* dito sa Manila para lang tanggapin namin siya. Pero hindi pa rin sapat iyon para sa pamantayan namin ng kabanalan.

Hay, salamat na lang sa Diyos at mas Kristiyano pa siya sa amin. Kung hindi, hindi siguro nakapangasawa ang ate ko ng mabait na Italyano dahil lamang sa tatlong pilyang mga kapatid niya na nagsabing apasyonadong Kristiyano sila.

Pagkalipas ng maraming taon, natuto rin kami — na ang pagiging Kristiyano ay tungkol sa pagmamahal gaya ng pagmamahal ni Jesus at hindi lang pagsunod sa mga pamantayan. Purihin ang Diyos na hindi Niya kami itinakwil dahil lang sa hindi kami angkop sa pamantayan Niya ng kabanalan. *Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Mas mabuti ang magmahal kaysa maging tama.

*Panginoon, sa aming pagsisikap na maging banal, turuan Mo kaming magmahal nang tunay. Amen.*

***Sta. Benedicta, ipanalangin mo kami.***

**7**

BIYERNES

**MAYO**

Ang Mga Gawa 15:22-31
Salmo 57:8-9, 10, 12
**Juan15:12-17**

*"Hindi ko na kayo itinuturing na mga alipin.... Sa halip, itinuring ko kayong mga kaibigan." –Juan 15:15*

# DI-INAASAHANG PAGKAKAIBIGAN

Noong 1971 sa Durham, North Carolina, matindi ang tensyon sa pagitan ng iba't ibang lahi. Sa pag-aalala niya sa epekto nito sa kabataan, nagbuo si Bill Riddick ng 10-araw na miting ng komunidad para maghanap ng solusyon. Kasama sa mga lider si Ann Atwater, isang aktibistang negra, at si C.P. Ellis, presidente noon ng lokal na Ku Klux Klan (KKK), na kilalang nanggugulo sa mga negro para makamit ng mga puti ang pagkasupremo.

Nagbago si Ellis nang matanto niyang haharapin ng mga anak nila ni Ann ang parehong isyu sa kanilang eskuwelahan. Sa pagtatapos ng mga pagpupulong, pinunit niya ang KKK *membership card* niya at iyon ang naging simula ng matalik na pagkakaibigan nila ni Ann. Magkasama nilang inilaan ang buhay nila sa pagtatatag ng patas at makatarungang edukasyon para sa lahat ng mag-aaral sa Durham.

Sinong mag-aakalang magiging magkaibigan sila? Nagsimula ito dahil lang sa pagbabago ng isa at sa kapatawaran ng pangalawa. Ipinaaalala nito sa akin ang kailangan nating gawin para maging kaibigan ni Jesus. Ibinigay na niya sa atin ang pagpapatawad Niya't pag-ibig nang mamatay Siya sa krus. Suklian natin Siya ng pagmamahal at pahintulutan Siyang baguhin ang buhay natin.

Tulad nina Ann at Ellis, ang pagkakaibigang bunga nito ay tatagal habang-buhay… at sa kabilang buhay. *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Maging kaibigan ka ni Jesus; sundin Mo ang mga utos Niya.

*Kaibigan Kita't kapatid kahit na isa Kang Hari! Mahal Kita higit sa lahat!*

***San Villano, ipanalangin mo kami.***

**8**
SABADO
**MAYO**

Ang Mga Gawa 16:1-10
Salmo 100:1b-2, 3, 5
**Juan 15:18-21**

*"Kung sinunod nila ang aking sinabi, susundin rin nila ang inyong sasabihin." – Juan 15:20b*

# KASANGKAPAN LANG NG DIYOS

Tumawag si Virgie para ipaalala sa akin ang bukluran sa Mars-Polaris. Nagtitipon sila tuwing Martes para sa pagninilay sa Biblia.

Bilang *coordinator* ng *Basic Ecclesial Community* sa parokya, nagtatatag ako nitong mga maliliit na *cell group* na tinatawag na bukluran sa parokya (sa kasalukuyan may 13 na grupo na kami). Dumadalo muna ako linggu-linggo sa bukluran ng pook namin. Pagkaraan ng ilang buwan, kapag mayroon nang mga pinuno roon, hinahayaan ko na silang magpatakbo ng bukluran.

Pero dito sa Mars-Polaris, hindi ko pa rin sila maiwan kahit na magdadalawang taon na ang bukluran. Para sa akin, kaya na nila kahit wala ako. Kaya lang, ayaw pa nila akong umalis. Paunti-unti kong hindi pinupuntahan ang bukluran nila para makatayo na sila sa sariling mga paa. Minsan nga lang, tatawagan nila ako o kaya'y sinusundo nila ako sa bahay.

Alam kong darating din ang panahon na kakayanin nila ito. Nakikita nila na tinutupad ko ang Salita ng Diyos at ginagampanan ko ang tungkulin ko. Di magtatagal, tutuparin din nila ito nang sila-sila lamang. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Ako ba ay kasangkapan ng Diyos sa aking mga ginagawa at sinasabi? May magagawa ba ako para mas makita ng mga tao ang Diyos sa akin?

*Gawin po Ninyo akong mabisang kasangkapan Ninyo, Panginoon. Nawa'y pagkatiwalaan at respetuhin ako ng mga tao dahil nakikita nila Kayo sa akin. Amen.*

***San Wiro, ipanalangin mo kami.***

**9**
LINGGO
**MAYO**

Ang Mga Gawa 15:1-2, 22-29
Salmo 67:2-3, 5, 6, 8 (4)
**Pahayag 21:10-14, 22-23**
Juan 14:23-29

*At ako'y dinala ng anghel sa ibabaw ng isang napakataas na bundok. Ipinakita niya sa akin ang Jerusalem, ang Banal na Lunsod… – Pahayag 21:10*

# ANG TUNAY NA JERUSALEM

Labing-tatlong taon na ngayon mula nang huli akong bumiyahe sa ibang bansa.

Ang huling biyahe ko ay sa Holy Land.

Hindi ko plinano ang biyaheng iyon — pero masaya kong tinanggap iyon nang dumating sa akin. Nagkakaproblema ako noon sa aking buhay pananampalataya at paraan siguro iyon ng Diyos para isaayos at palalimin ang ugnayan ko sa Kanya.

Hindi ko alam iyon noon, pero kumilos ang grasya Niya sa akin nang binisita ko ang mga banal na lugar doon. Sa *Church of the Nativity*, umiyak ako nang balde-balde nang walang dahilan o marahil dahil sa rasong hindi ko pa alam noon. Nang nagdarasal kami sa tabi ng *Sea of Galilee*, nakita ko ang Diyos na naghihintay sa akin sa kabilang dulo ng mahabang tulay. Masyado akong *high* sa karanasang iyon na nang pauwi na kami, puno ang puso ko ng pagnanais na ibigay ang buhay ko sa Diyos bilang kanyang asawa.

Sa pagbabalik-tanaw, binuksan ng karanasang iyon para sa akin ang tunay na lunsod ng Jerusalem — yung nasa puso ko. Inihatid ako ng biyaheng iyon sa *sarili ko,* kung saan nananahan ang Diyos. *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Huwag kang matakot magbiyahe panghabang-buhay — sa iyong kalooban. Harapin mo ang kung ano mang makikita mo roon.

*O Diyos, samahan Mo ako sa pagharap ko sa mga nilalaman ng kalooban ko.*

***San Vicente, ipanalangin mo kami.***

**10**
LUNES
**MAYO**

Ang Mga Gawa 16:11-15
Salmo 149:1b-2, 3-4, 5-6a, 9b
**Juan 15:26-16:4a**

*"Itinuring ko kayong mga kaibigan…" – Juan15:15*

# MGA KAIBIGAN NG DIYOS

Isa sa mga pinakamalalaking kaligayahan ko at ipinagmamalaki ko sa buhay ay ang mga kaibigan ko. Si Bo Sanchez na lang, madalas niya akong ipinakikilala bilang malapit niyang kaibigan. Hindi niya siguro alam pero tuwing sinasabi niya iyon, para akong nasa langit.

Mayroon pa akong mga sikat at maimpluwensiyang kaibigan. Minsa'y binati ako ni Freddie Aguilar sa *TV*. Ang totoo, binati niya ang anak ko na inaanak niya. *Proud* na *proud* ako.

Ang dating gobernador ng Bulacan na si Obet Pagdanganan ay lagi akong tinatawag sa pangalan ko sa gitna ng maraming tao. Dahil dito, ang taas ng tindig ko.

Ngayon isipin mo na kaibigan ko ang Diyos — na kaibigan mo rin! *Wow!* Kung paano nangyari iyon at kung paano naging posible iyon ay isang himala! Pero totoo iyon. Inaalay ni Hesus sa iyo ang pakikipagkaibigan Niya — na hindi lang magpapatalon sa iyo sa tuwa kundi ipagmamalaki mo. Ihahatid ka rin nito sa walang hanggang buhay ng pag-big — simula dito at ngayon.

Isang hibang na bulag lang ang tatanggi sa pagkakaibigang iyon. *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Kausapin mo si Jesus ngayon. Nais ka Niyang maging kaibigan. Tanggapin mo at mabuhay ka nang napakasaya!

*Panginoong Jesus, salamat at tinawag Mo akong kaibigan. Tinatanggap ko ang pakikipagkaibigan Mo at aalagaan ko ito habang-buhay. Amen.*

***San Aureliano, ipanalangin mo kami.***

**11**
MARTES
**MAYO**

**Ang Mga Gawa 16:22-34**
Salmo 138:1-2ab, 2cde-3, 7c-8
Juan 16:5-11

*"Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan."*
*– Ang Mga Gawa 16:31*

# LIGTAS KA BA?

"Ligtas ka ba?" tanong ni Ate Susan sa mga lider na nagtipon sa isang bihaye namin sa Cagayan de Oro. Nagbalik sa isipan ko ang mga kahinaan at pagkakamali ko noon, pati ang sa pangkasalukuyan sa kabila ng pagsusumikap kong sundin si Hesus.

Sa pagbabalik-tanaw ko sa naging buhay ko, malinaw sa akin kung paano ako umasa sa sarili kong abilidad at kaalaman para gawin ang mga nais ko. Hanggang sa nakulong ako.

Sa kulungan, naging madasalin ako at naging aktibo sa mga gawaing espirituwal na siyang nagbigay-daan sa mas malalim kong ugnayan sa Panginoon. Natutunan ko Siyang pahalagahan bilang pinagmumulan ng lahat ng bagay — na kung wala Siya, hindi ko mapagtatagumpayan ang pagkakakulong ko.

Inialay ko ang mga pagdurusa ko para sa pamilya ko, lalo na ang *stigma* ng pagiging *"ex-con,"* at inangkin ko ang pangako Niya na sa isang nananampalataya, ang lahi nito'y ligtas.

Ngayon, naaantig ako sa pag-ibig at panustos ng Diyos. Sagana sa biyaya ang pamilya ko at ngayo'y naglilingkod na rin sila sa Kanya. *Beth Corral (bethcorral_0330@yahoo.com)*

Pagninilay: Huwag mong pagdudahan na ligtas ka. Hindi tayo iniligtas ng mga mabubuting gawain natin kundi ng nakapagliligtas na biyaya ni Jesus. Palalimin natin ang ugnayan natin sa Kanya.

*O Panginoong Jesus, salamat sa Iyong pagliligtas — na ang aking lahi at ako ay ligtas.*

***San Francisco de Jeronimo, ipanalangin mo kami.***

12

MIYERKULES

MAYO

Ang Mga Gawa 17:15, 22-18:1
Salmo 148:1-2, 11-12, 13, 14
**Juan 16:12-15**

*"Sapagkat magsasalita siya hindi sa ganang kanyang sarili…" – Juan 16:13*

# *AVAILABILITY*, HINDI *ABILITY*

Noong bata pa siya, siya'y mahiyain at di-palakibo. Malaman lang niya na pupunta siya o tatayo sa harapan ng mga tao, nanlalamig na siya agad. Hindi mo siya maasahang pumunta sa harap, lalo na kung magsasalita.

"Di ko talaga hilig 'yan," sabi niya.

Sa maikling panahon matapos niyang makatagpo ang Panginoon, siya ay tinawag na maglingkod sa isang "espesyal" na paraan: magpapahayag siya ng Mabuting Balita!

"Narito ako, Panginoon, handa ako; utusan Mo ako!" buong tapang niyang sinabi. Binago ng Diyos ang buhay niya! Mula sa mahiyain at di-palakibong bata, naging maalab siyang tagapagturo ng Salita!

Habang sinusulat ko ito, ipinagdiriwang ng simbahan ang *World Mission Sunday*. Kanina lamang, ako'y nagsalita sa isang gawain ng *Catholic Charismatic Renewal* sa *Archdiocese* ng Port Moresby, Papua New Guinea na nag-anyaya sa mga naroroon na maglingkod sa Panginoon at sumama sa misyon. Naisalaysay ko ang aking pagbabago. Wala akong kakayahan; pagtugon lamang. Umasa ako sa Panginoon, at nakayanan ko.

Sa gawaing iyon, humigit-kumulang 30 tao, bata at matanda, ang tumugon na maglilingkod sa Panginoon! *Danny Tariman (danny@dtariman.com)*

Pagninilay: Tinatawag ka ba ng Panginoon? At pakiramdam mo kulang o wala kang abilidad? Sabihin mo lang, "Opo, narito ako," at bibigyan ka Niya ng kakayahan!

*Panginoon, salamat sa pagtawag mo sa akin upang paglingkuran Kayo. Nawa'y patuloy na gabayan ako ng Inyong Espiritu sa aking pagpapahayag ng Mabuting Balita! Amen.*

***San Pancras, ipanalangin mo kami.***

**13**
HUWEBES
**MAYO**

**Ang Mga Gawa 18:1-8**
Salmo 98:1, 2-3ab, 3cd-4
Juan 16:16-20

*Marami pang mga taga-Corinto na nakinig kay Pablo ang sumampalataya at nagpabautismo.*
*– Ang Mga Gawa 18:8*

# PAGIGING SAKSI

Si Agnes, ang katulong namin, ay nabinyagan, kinumpilan at unang nangomunyon noong Pasko ng Pagkabuhay 2008. Kami ng misis ko ang tumayong ninong at ninang, kasama ang isang kapatid namin sa Ligaya ng Panginoon, si Jodean, na namuno sa *Bible study group* niya sa eskuwelahan ng mga anak namin.

Ilang taon na rin siyang nasa amin. Bagama't alam naming hindi siya Katoliko, hindi namin siya pinilit na magbago ng relihiyon. Ang nakita't narinig niya sa amin at sa mga nakapaligid sa kanya ang nagkumbinsi sa kanya na gawin iyon.

Sumasama siya sa mga pagtitipon ng komunidad namin at nakita niya kung paano kami nabuhay para sa Diyos. Naririnig niya kung paano nabiyayaan ng Diyos ang isang kasamahan naming lalaki at kung paano kumapit sa Panginoon ang isang kasamahan naming babae na namimighati sa pagkamatay ng isang minamahal. Nakita niya kung paano kami nagdarasal. Pinahahalagahan din niya ang pakikitungo namin sa kanya. Sa *Bible study group* niya ay nagkaroon siya ng pagkakataong matutunan pa ang Salita ng Diyos. Ito ang naging binhi. Kalooban na ng Diyos ang kumilos.

Ang uri ng pamumuhay natin ang mag-uudyok sa kapwa natin na makinig, manalig at mabinyagang muli. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Ang buhay natin ay ang ating saksi. Nakikita ba ng kapwa mo ang Salita ng Diyos sa iyo?

*Panginoon, pahintulutan Mong maging buhay na patotoo ang buhay ko sa Mabuting Balita Mo. Amen.*

***San Abban, ipanalangin mo kami.***

**14**
BIYERNES
**MAYO**

Ang Mga Gawa 1:15-17, 20-26
Salmo 113:1-2, 3-4, 5-6, 7-8
**Juan 15:9-17**

*Kapistahan ni San Matias, Apostol*

*"Hindi ninyo ako pinili, kayo ang pinili. Pinili ko kayo upang kayo'y magbunga..." – Juan15:16*

## ANG PAMANA

Sa mga panahon ko ng kahinaan, tinatanong ko ang Panginoon kung bakit ako lang sa anim na magkakapatid ang nakaranas na mamatayan ng dalawang anak at magkaroon ng *special child*. Bakit hindi ako pinalagpas? O bakit hindi hinati sa iba ang paghihirap ko? Bata pa ako pero ang dami ko nang pilat mula sa mga pinagdaanan ko.

Pero may nakilala akong babae namatay ang buong pamilya niya sa sunog. At isa pa na dalawa lang ang anak at pareho pang *autistic*. Ang matalik ko ring kaibigan ay nagdusa sa sakit na kanser bago niya iniwan ang tatlong batang anak. At isang inang namatayan ng kaisa-isang anak na babae dahil sa di-pangkaraniwang sakit sa utak.

Ang mga pilat ko'y biglang naging maliliit na tagihiyawat na lang. Tulad ni Job sinasabi ko, "Narito, ako'y hamak at walang kabuluhan, wala akong maisasagot, bibig ay tatakpan. Sa panig ko'y nasabi na ang lahat ng sasabihin, ako'y di na kikibo, nasabi'y di na uulitin."

Dahil sa mga pinagdaanan ko, nasubok sa apoy ang pananampalataya ko. Ito ang pamana ko sa mga anak ko — hindi pera o bahay kundi ang yaman ng kaalaman na lahat ng pagsasalarawan ng Biblia sa Diyos ay totoo, at Siya'y hibang sa pag-ibig sa atin! Ipapamana rin nila ito sa mga anak nila't mga apo at sa susunod pang mga henerasyon. *Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: "Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang mga minamahal niya…" (Mga Hebreo 12:6)

*Salamat, Panginoon, at pinili Mo akong dalhin ang mga pilat ng pagdurusa para sa higit Mong kaluwalhatian.*

***Sta. Maria Dominica Mazzarello, ipanalangin mo kami.***

15

SABADO

MAYO

Ang Mga Gawa 18:23-28
Salmo 47:2-3, 8-9, 10
**Juan 16:23b-28**

*"Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan." – Juan16:24*

## HUMINGI KA!

"Panginoon, alam Mo ang mga pangangailangan ko. Tatanggapin ko ang kahit anong ibibigay Mo sa akin. Amen."

Tunog mapagkumbabang panalangin, 'di ba? Pero pansinin mo na maraming beses inuulit ni Hesus sa atin ang tip na ito — ang sikretong ito.

Humingi. Humingi. Humingi.

Tinitiyak pa Niya sa atin na makatatanggap tayo.

"Humingi kayo… upang malubos ang inyong kagalakan."

"At anumang hilingin ninyo sa aking pangalan ay gagawin ko…"

Pansinin mo rin na tinatanong ni Jesus ang mga pinagagaling Niya, "Anong gusto mong gawin ko para sa iyo? Gusto mo bang gumaling?" Anong isasagot mo kung itatanong ni Jesus sa iyo ang mga iyan? "Hindi na, salamat. Ayos lang ako." *Wow!* Kandidato ka siguro para sa institusiyon para sa mga baliw kapag iyan ang sinagot mo.

May anak ako at palagi ko siyang tinatanong kung anong gusto niya. Kung mabuti para sa kanya, ibibigay ko. Mahal ko siya. Gusto kong maging lubos ang kaligayahan niya.

Ano pang hinihintay mo?

Humingi ka! *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Sinasabi mo ba kay Jesus kung ano ang nais Mong gawin Niya para sa iyo? Sabihin mo ngayon. Naghihintay lang Siya.

*Panginoong Jesus, hinihingi ko (banggitin ang nais mo). Salamat at ginawa Mong lubos ang kaligayahan ko. Sa ngalan Mo. Amen.*

***San Hallvard, ipanalangin mo kami.***

**16**
LINGGO
**MAYO**

Ang Mga Gawa 1:1-11
Salmo 47:2-3, 6-7, 8-9 (6)
Mga Hebreo 9:24-28; 10:19-23
**Lucas 24:46-53**

*Solemnidad ng Pag-akyat ng Ating Panginoon sa Langit*

*"Kaya't huwag kayong aalis sa lunsod hanggang hindi kayo napagkakalooban ng kapangyarihan mula sa itaas." - Lucas 24:49b*

# SA KANYANG PANAHON

Ilang buwan kong tinatanong sa Diyos noon kung saan Niya ako gustong dalhin.

Ang nakukuha ko sa aking pananalangin ay magsilbi sa aming parokya, kaya lang, hindi malinaw sa akin kung ano ang gusto Niyang gawin ko roon. Dinesisyunan kong mag Simbang Gabi sa kapilya kung saan may mga iskwater ng parokya para magsimula ng ano mang proyekto roon. Kaso, nakita ko roon ang mga madre ng Vedruna at naikuwento nila ang mga proyekto nila roon. Sinabi ko na lang sa sarili ko na hindi na muna ako magsisimula ng kung anu-ano at maghihintay na lang ako ng direksyon sa ipagagawa sa akin ng Diyos. Tinanggap ko muna ang isang *part-time* na trabaho malapit sa parokya.

May tatlong taon ang nakalipas bago ako inanyayahang magsilbi bilang *coordinator* ng *Basic Ecclesial Community* sa parokya. At napakalaking misyon pala ito. Walang-wala sa mga iniisip kong proyekto. Totoong hindi ako nagkamali sa narinig kong mensahe na magsilbi ako sa parokya kaya lang hindi pa pala panahon noon. Buti na lang, hindi ako lumayo at nanatiling bukas sa pagtawag ng Diyos kaya nang dumating ang panahon, walang sagabal sa pagtanggap ko sa misyong iyon. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Hinahangad ko bang matupad ang kalooban ng Diyos sa buhay ko? Handa ba akong maghintay hanggang marinig ko ang Kanyang tawag?

*Panginoon, dalhin po Ninyo ako sa daang patungo sa Inyo at ako po'y susunod. Kagustuhan ko pong matupad ang plano Ninyo para sa akin. Amen.*

***San Brendan, ipanalangin mo kami.***

17

LUNES

MAYO

**Ang Mga Gawa 19:1-8**
Salmo 68:2-3ab, 4-5acd, 6-7ab
Juan 16:29-33

*"Ni hindi namin narinig na may Espiritu Santo pala."*
*– Ang Mga Gawa 19:2*

# PAGLAKI BILANG KATOLIKO

Dahil sa lumaki akong Katoliko, pamilyar ako sa halos lahat ng tradisyon ng relihiyon. Alam kong kailangan kong magsimba sa mga araw ng obligasyon, at alam ko rin na mahalagang sakramento ang kumpisal. Nang sumali ako sa isang *Catholic youth community*, naglingkod ako sa mga *camp* at umawit sa pagpupuri. Akala ko okey na iyon.

Bagama't naniniwala ako sa Diyos, hindi ko Siya tunay na pinapasok sa buhay ko. Sapat na sa akin ang makita Siya kung kailangan. Nagdasal ako, oo, pero hindi ko maipagdasal ang sarili ko sa pag-iisip na mas napapansin ng Diyos ang mga malalaking gawain na nakaaapekto sa mga tao. Tingin ko dati hindi tamang pagsamahin ang buhay ko at pananampalataya ko. Parang hindi rin tamang isama ko ang Diyos sa personal kong buhay; bakit niya pagkakaabalahan ang isang hamak at di-mahalagang tao na tulad ko?

Maling-mali pala ako! Sa paglaki ko, natutunan ko na kapag nakilala mo ang Diyos, hindi Siya kuntentong manatili sa tabi lamang. Gusto Niyang maging bahagi ng buhay mo. Hindi ko dapat inisip na wala Siyang pakialam sa mga detalye ng buhay ko. *Tina Matanguihan (tina.matanguihan@gmail.com)*

Pagninilay: Pinahintulutan mo na bang pumasok ang Diyos sa buhay mo?

*Panginoon, maging bahagi Ka ng buhay ko.*

***San Thethmar, ipanalangin mo kami.***

**18**

MARTES

**MAYO**

**Ang Mga Gawa 20:17-27**
Salmo 68:10-11, 20-21
Juan 17:1-11a

*"Hindi ako nangiming magsabi sa inyo ng anumang ikabubuti ninyo." – Ang Mga Gawa 20:20*

# PAGTUTUWID

Nagsasanay ako para sa isang presentasyon at hiningi ko ang opinyon ng misis ko. Binigyan niya ako ng mataas na marka para sa nilalaman nito at pinuri ang pagsasalita ko. Dagdag pa niya, "May payo ako. Obserbahan mo ang mga pagtigil mo, yung mga 'ahh' at 'uhm.' Kapag iniisip mo ang susunod mong sasabihin, tumigil ka lang. Hindi naman pangit pero mapapabuti mo pa ang pagsasalita mo."

Medyo masakit sa akin ang ganoong komento. Dalawampung taon ko na kasing ginagawa ito. Pero sa huli, alam kong sinabi niya iyon para sa kapakanan ko at dahil mahal niya ako. Nagpasya akong sundin ang payo niya. Hindi ko pa rin naaalis sa akin ang mga "uhm" pero mas bumuti na ang pagsasalita ko ngayon.

Kapag itinutuwid ka ng isang nagmamahal sa iyo, may dalawang reaksiyon kang pagpipilian: huwag itong pansinin o ituring itong isang biyaya mula sa Diyos para mas mapabuti ka.

*Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Ang pagtutuwid bunga ng pag-ibig at lohika ay tutulong sa iyong mapabuti ang ugnayan mo sa Diyos.

*Panginoon, nawa'y makuha kong tanggapin ang mga limitasyon ko, pagsika-pang pagbutihin ang sarili ko, at huwag mabulag ng kapalaluan.*

***San Venancio, ipanalangin mo kami.***

**19**
MIYERKULES
**MAYO**

Ang Mga Gawa 20:28-38
Salmo 68:29-30, 33-35a, 35bc-36ab
**Juan 17:11b-19**

*"Maging sa harapan ng madla o sa bahay-bahay man, hindi ako nangiming magsabi sa inyo ng anumang ikabubuti ninyo." – Juan 17:15*

## HILING NA KAMATAYAN

Nang naging Kristiyano ako, ninais kong mamatay nang literal. Hindi ko makita ang kabuluhan ng buhay at ang pagiging mahina sa tukso kung puwede ko namang makasama ang Diyos sa langit gaya ng ipinangako ni Hesus.

Pero dumaan ang mga taon at buhay pa rin ako't maayos ang kalagayan. Dahil sa hindi ko pa oras, nagpasya akong maghanap na lang ng paraan para mapalapit sa Diyos. Naglingkod ako sa koro ng simbahan. Ibinahagi ko ang paniniwala ko at binigyan ko ng pag-asa ang mga kaibigan kong napanghinaan na ng loob. Nilayon kong maging dalisay muli sa pamamagitan ng pagtuon ng isipan ko sa Diyos sa gitna ng pakikibaka ko sa mga realidad ng buhay. At unti-unti, nabawasan ang pagnanais kong mamatay. Isang araw,namulat ako. Maaaring hindi ko pa matatanaw ang langit, pero narito na ang Kaharian ng Diyos, at tumulong akong itaguyod ito.

Sa pagsasabuhay ng pananampalataya ko, inilapit ko ang Diyos sa akin at sa mga tao kung kanino ko Siya ibinahagi. Ngayon, sa tingin ko, gusto ko pang mabuhay nang marami pang taon. *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Ipinadala tayo ng Diyos sa mundong ito para tumulong sa pagtataguyod ng Kaharian Niya. Anong tulong ang magagawa mo?

*Banal na Ama, proteksiyunan Mo po ako habang tinatapos ko ang paglalakbay ko patungong langit.*

***Banal na Alcuin, ipanalangin mo kami.***

**20**

HUWEBES

**MAYO**

**Ang Mga Gawa 22:30; 23:6-11**
Salmo 16:1-2a, 5, 7-8, 9-10, 11
Juan17:20-26

*"Lakasan mo ang iyong loob! Nagpatotoo ka tungkol sa akin dito sa Jerusalem; ganyan din ang gawin mo sa Roma." – Mga Gawa 23:11*

# MGA SALITA

"Kung may Diyos, bakit niya pahihintulutan ang mga malalagim na bagay? Palaisipan sa akin kung bakit kapag may batang nakaligtas sa sunog o may napagaling sa kanser, pinupuri ang Diyos. Pero sa naganap na 9/11, hindi Siya binatikos. Kapag nasagot ko na itong mga tanong, siguro maibabalik ko ang matagal ko nang tinalikurang pananampalataya." Ang *email* na ito'y galing sa isang Irish na katrabaho kong nakabase sa Singapore. Nangungulila siya sa pagkamatay ng napakabatang anak niya.

Kaya ko kaya siyang hatakin pabalik? Marami kaming pinagde-debatihan sa trabaho pero nakakapag-usap kami tungkol sa buhay-buhay tuwing nasa Maynila siya. Tine*text* ko rin siya ng mga mensaheng inspirasyonal. Tuwing matatanggap niya ang mga ito, nagugulat siya kung paano napapanahon ang mga mensahe ko na tila mga sagot sa suliranin niya. Bago niya nilisan ang kumpanya, sumulat siya sa akin, "Napakalalim ng paghanga at respeto ko sa mga taong tulad mo na maraming napagdaanan sa buhay subalit tuloy pa rin ang pagiging matatag dahil sa pananalig sa Diyos."

Hindi ako nangaral. Subalit kung sa pagsisikap kong mabuhay ayon sa pananampalataya ko ay maibabalik ko ang isa sa Kanya, napakalaki itong biyaya! *Marie Franco (rfranco@its.jnj.com)*

Pagninilay: Pinahintulutan kaya ng Diyos na pagtagpuin ang mga landas namin ng isang di-na-sumasampalataya upang magpatotoo ako?

*Gamitin Mo ako, O Panginoon.*

***St. Aquila, ipanalangin mo kami.***

**21**
BIYERNES
**MAYO**

Ang Mga Gawa 25:13b-21
Salmo 103:1-2, 11-12, 19-20ab
**Juan 21:15-19**

*"Noong bata ka pa, ikaw ang nagbibihis sa iyong sarili at pumupunta ka kung saan mo gusto..." – Juan 21:18*

# PINAPUTING ITIM NA TUPA

Ako ang *black sheep* sa magkakapatid na babae. Mahal na mahal ko ang mommy ko pero may katigasan ang ulo ko noon.

Sinamantala ko ang pagiging napakamaunawain ng mommy ko. Kapag galit na galit siya sa akin, alam ko na walang sukat ang pagmamahal niya sa akin. Ako yata ang madalas niyang ipanalangin. Kaya may karapatan akong magyabang na ako ang pinakamamahal ni Mommy dahil nga ipinagdasal niya talaga ako at iniyakan nang husto.

Dakilang biyaya at nakamamanghang kapangyarihan lang talaga ng Diyos ang sumupil sa rebelde kong puso. Ako ang unang sumunod sa yapak ng Mommy ko na tanggapin si Jesus sa buhay ko noong nasa kolehiyo ako. Ngayon, sa Diyos ako mananagot. Kahit hindi nagmamatyag ang Mommy ko, alam ko na nakikita ng Diyos ang ginagawa ko.

Dumating ang panahon na nakita siguro ng Mommy ko na tapos na ang misyon niya sa akin. Nabura ang kanyang isipan dahil sa *Alzheimer's disease* sandaling panahon lamang pagkatapos akong makasal sa lalaking madalas maghatid sa kanya pauwi galing sa *prayer meeting* nila. Kahit hindi na siya makausap ngayon, sigurado akong nasabi na sa kanya ng Diyos, "Virgie, magaling. Nagtagumpay tayo." *Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Dumating sa atin si Jesus nang tayo'y magkaroon ng buhay at maging masagana.

*Panginoong Jesus, salamat at biniyayaan Mo ako ng isang ina na nagmahal nang walang sukat sa sutil na anak gaya ng gagawin Mo.*

***San Gollen, ipanalangin mo kami.***

**22**
SABADO
**MAYO**

Ang Mga Gawa 28:16-20, 30-31
Salmo 11:4, 5, 7
**Juan21:20-25**

*Inaakala kong hindi magkakasya kahit sa buong daigdig ang mga aklat na masusulat. – Juan 21:25b*

# MAGANDA ANG PAGKAKASABI NIYA

Pagkatapos ng isang *prayer meeting*, may nagtanong sa akin kung ilan na ang biyayang natanggap ko sa Diyos. Sabi ko sa kanya, kung sasagutin ko siya ay aabutin kami nang umaga. Nagtawanan kami sa sinabi ko kaya nga lang, nahatid ko sa birong yun ang katotohanan: na ang Diyos ay walang patid sa pagbibigay ng biyaya. Sa totoo, maski sa mga karanasang hindi kanais-nais, kung tutuusin minsan ay may nakukuha ring biyaya roon.

Ang biro ko, o paraan para ilarawan ang dami ng biyaya ng Diyos, ay nakikita ko ring ginamit ni San Juan. Hindi pala ako "orig!" Maganda ang pagkakasabi ni San Juan tungkol sa dami ng nagawa ni Jesus: *"Inaakala kong hindi magkakasya kahit sa buong daigdig ang mga aklat na maisusulat."* Talagang naimulat niya ang katakut-takot na nagawa ni Jesus bago siya umakyat sa langit! *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Alam ko ba na maraming ginawa si Jesus bago Siya umakyat sa langit? Nagdududa ba ako na ang Simbahang itinayo Niya ay hindi magigiba?

*O Jesus, naniniwala ako sa Iyo. At alam kong walang kapangyarihan sa mundo ang makakagiba ng Iyong Simbahan. Amen.*

***Sta. Helen, ipanalangin mo kami.***

**23**
LINGGO
**MAYO**

Ang Mga Gawa 2:1-11
Salmo 104:1, 24, 29-30, 31, 34
**1 Mga Taga-Corinto 12:3b-7, 12-13 (**o Mga Taga-Roma 8:8-17)
Juan 20:19-23 (o Juan 14:15-16, 23b-26)

*Solemnidad ng Pentecostes*

*Iba't iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. – 1 Mga Taga-Corinto 12:5*

# TUNAY NA SERBISYO

Noong bago pa lang ako sa *Youth for Christ* (YFC), itinuring kong kaibang bahagi ito ng buhay ko, gaya rin ng pagtingin ko sa pamilya ko't paaralan. Masasabi mong ikinategorya ko ang iba't ibang aspeto ng buhay ko. Hiwalay ang eskuwelahan sa pamilya ko, at hiwalay rin ang dalawang ito sa iba pang pinagkakaabalahan ko. Madali sa akin ang pagbibigay ng priyoridad sa mga ito.

Kapag nababanggit ang salitang "serbisyo," naiisip ko agad ang YFC, at wala nang iba. Umabot na sa puntong handa akong ilaglag ang lahat para lang makapagserbisyo sa YFC dahil alay sa Panginoon ang turing ko roon. Pero ang ibang aspeto ng buhay ko na hindi ko itinuring na serbisyo ay nasira dahil hindi ko sila pinahalagahan.

Nang tinawag ako ng Diyos na buong buhay na maglingkod sa Kanya, hindi lang ito sa komunidad na kinabibilangan ko, kundi sa bawat aspeto ng buhay ko. Kung sa bagay, ibinigay Niya ang lahat para sa akin; bakit hindi ko rin gawin iyon para sa Kanya?

*Tina Matanguihan (tina.matanguihan@gmail.com)*

Pagninilay: Nabubuhay ka ba sa paglilingkod sa Diyos?

*Ipagpapatuloy ko, Diyos ko, ang mabubuting gawain ko alang-alang sa pag-ibig ko sa Iyo.*

***San Ivo, ipanalangin mo kami.***

# 24

LUNES

MAYO

**1 Pedro 1:3-9**
Salmo 111:1-2, 5-6, 9, 10c
Marcos 10:17-27

*Hindi ninyo siya nakita kailanman ngunit siya'y inibig na ninyo. – 1 Pedro 1: 8*

## HINDI NAKIKITA

"Dalawang pulang guhit."

Nang positibong buntis si Gina sa una naming anak, tuwang-tuwa kami gaya ng ibang magiging magulang sa unang pagkakataon. Wala pang mga palatandaan — lumalaking tiyan, pagsusuka, ni walang pagbabago sa pakiramdam. Subalit alam naming magkakaanak na kami kahit hindi pa namin ito nakikita.

May mga nagsasabing kathang isip lang si Jesus, isang kuwentong gawa-gawa lang noong araw ng mga manlolokong nais magkaroon ng kayamanan o palaganapin ang emperyong Romano. Sa kabila ng mga makasaysayang ebidensiya na nabuhay sa mundo si Jesus, marami pa rin ang nagtatatwa sa Kanya. Wala sa panahon natin o sa mga nauna pa ang nakakita kay Jesus, pero naniniwala tayo sa Kanya. Tinanong ko ang sarili ko kung bakit.

Sa mga salita Niya sa Biblia, narinig ko Siya sa puso ko. Sa Simbahang Katolika, tagapangalaga ng Pananampalataya, sumusunod ako sa kapangyarihan Niya. Sa komunidad namin, Ligaya ng Panginoon, binibigyang-lakas Niya ako at ang aking mga kapatid sa pananampalataya. Sa pamilya ko at mga nakapaligid sa akin, nadarama ko ang pag-ibig Niya. Sa puso ko, buhay Siya. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Nakita mo ba kamakailan si Jesus? At saka nakikita ba ng iba si Jesus sa iyo?

*O Jesus, imulat Mo ang mga mata't puso ko sa pag-ibig Mo na nananahan sa lahat ng bagay. Nawa'y makita Ka ng iba sa akin sa paraan ng pamumuhay ko.*

***Sta. Joana, ipanalangin mo kami.***

**25**
MARTES
**MAYO**

**1 Pedro 1:10-16**
Salmo 98:1, 2-3ab, 3cd-4
Marcos 10:28-31

*Maging mahinahon kayo at lubos na umasa sa pagpapalang tatamuhin ninyo… – 1 Pedro 1:13*

# HUWAG PALALAMPASIN ANG BIYAYA!

"Purihin ang Diyos! Bumaba na ang presyo ng gasolina," sabi ko minsan sa isang kaibigan. "Hay! Hintayin mong umakyat uli 'yan sa isang linggo. Gimik lang nila 'yan bago nila doblehin ang presyo," sagot niya agad.

Marami na ngayon ang naging mapangutya. Iniisip nila na bawat magandang bagay na nagaganap ay pasakalye lamang sa mangyayaring masama. Ang resulta, inaabangan ng mga tao ang sumpa sa halip na biyaya.

"Umuulan! Bwiset! Sisipunin na naman ako."

"Haaay, ang init! Mahi-*heat stroke* ako nito!"

"Naku! Pasko na naman. Wala akong pambili ng regalo!"

Sa ganitong pananaw, pati ang kaarawan mo'y pabigat na rin sa iyo. Ba't di mo subukang sabihin, "Wow, umuulan. Malamig ang panahon ngayon!" O kaya, "Tag-araw na. Masarap mag-*beach*!"

Sinasabi sa atin ni Pedro na maging listo tayo sa pag-asa nang lubos sa mga biyaya. Kung hindi, baka malampasan tayo ng mga ito. Pagpalain ka ng Diyos! *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Saan mo inilalagay ang pag-asa mo ngayon — sa mga biyaya o sa mga sumpa?

*Panginoon, paniwalain Mo ako na ibinubuhos Mo sa akin araw-araw ang mga biyaya Mo. Ipagkaloob Mo sa akin ang mga mata ng pananalig, pag-asa at pag-ibig nang makita ko't masalo ang mga ito. Amen.*

***San Zenobio, ipanalangin mo kami.***

**26**

MIYERKULES

**MAYO**

1 Pedro 1:18-25
Salmo 147:12-13, 14-15, 19-20
**Marcos 10:32-45**

*"Maiinuman ba ninyo ang kopa na aking iinuman? Makakaya ba ninyo ang bautismong ibabautismo sa akin?" – Marcos 10:38*

# WALANG PAGLILINGKOD?

Kadalasan, tulad tayo ng dalawang disipulo sa Ebanghelyo ngayon na tila'y nakikipag-usap kay Jesus pero hindi naman talagang nakikinig. Gusto lang nila ang mga puwesto ng karangalan pero hindi sila handang magbayad para mapasaroon.

Sa mga *prayer meeting*, inaawit natin na inaalay natin sa Kanya ang puso't kaluluwa natin pero kapag ipinapasa na ang *basket* para sa koleksiyon, hindi man lang tayo makapagbigay ng malaking halaga sa Panginoon. Siguro habang mataimtim tayong sumasamba't nagdarasal, sinasabi pa natin sa Panginoon na Siya na ang masusunod. "Magsalita po kayo, nakikinig ang inyong lingkod." Tumutugon ang Panginoon sa pamamagitan ng pagbulong sa mga puso natin na isuko na ang mga ugnayang hindi kalugod-lugod sa Kanya. At biglang nagiging bingi ang mga puso natin.

Sa pakikipag-ugnayan natin sa Diyos, hindi natin puwedeng piliin kung ano lang ang ibibigay o kukunin natin. Hindi natin puwedeng mahalin ang Diyos nang hindi Siya pinaglilingkuran at hindi natin puwedeng piliin kung paano Siya paglilingkuran. Hindi tunay na pag-ibig iyon kung ganoon. Dahil sa dakilang pag-ibig Niya sa atin, ibinigay Niya ang pinakamamahal Niyang Anak. Ibigay rin natin sa Kanya ang lahat. *Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Kung tatawagin tayo ng Diyos ngayon, ito ba ang maririnig Niya? *"The number you are calling is not yet in service."*

*Panginoon, sa kaloob Mong biyaya lamang ako makasusunod sa Iyo.*

***Banal na Eva ng Liege, ipanalangin mo kami.***

**27**
HUWEBES
**MAYO**

**1 Pedro 2:2-5, 9-12**
Salmo 100:2, 3, 4, 5
Marcos 10:46-52

*Gaya ng sanggol, kayo'y manabik sa dalisay na gatas na espirituwal upang lumago kayo sa sa pananampalataya hanggang makamtam ninyo ang ganap na kaligtasan... – 1 Pedro 2:2*

# MALILIIT NA HAKBANG

Nang ipinanganak ang anak kong si Lance, hindi ko mahintay na makita siyang lumaki pero sinabi ko sa sarili ko, isa-isang hakbang lang muna. Napakamaselan ng isang sanggol. Huwag munang bibigyan ng *iron* sa unang anim na buwan. Puwede na ang *solids* sa ika anim na buwan pero yung dinurog lang. Walang *honey*, puti ng itlog o *spinach* sa unang taon. Ang daming dapat isaalang-alang! Pero ngayon, kapag nakikita ko si Lance na malusog, alam kong nagbunga ang pangangalaga namin sa kanya.

Nang naging Kristiyano ako, gusto kong isuko ang lahat dahil napuspos ako ng kagalakan ng ugnayan ko sa Diyos. Pero dahil sa hindi ako handa, nang narinig ko ang tawag Niya, inisip kong napakalaki ng iniaatas sa akin kaya't umatras ako bago pa man ako nagsimula.

Natuto na ako sa pagkakamali ko. Nagsimula ako uli sa maliliit na hakbang. Kinilala ko uli ang Diyos sa pagbabasa ng Kanyang Salita at sa pananalangin, tapos sa pagsusuri ng kalooban ko at pagtutuklas kung sino ako. Matapos kong gawin ito, binigyan ako ng Diyos ng pagkakataong maglingkod sa Kanya, at ngayon, umoo ako. *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Kahit nasaang yugto ka na sa paglago mo sa pananampalataya, ikasiya mo muna ang pag-aalaga ng Diyos sa iyo at bigyan mo ng pagkakataon ang sarili mo na matuto pa.

*Panginoon, pahintulutan Mong kalingain ako ng Iyong mga salita at tulungan Mo akong lumago sa pananampalataya.*

***San Bruno, ipanalangin mo kami.***

28
BIYERNES
MAYO

**1 Pedro 4:7-13**
Salmo 96:10, 11-12, 13
Marcos 11:11-26

*Sa halip, magalak kayo sa inyong pakikibahagi sa mga paghihirap ni Kristo… – 1 Pedro 4:13*

# TULOY ANG BUHAY — KAHIT MAY KANSER

Luhaang sinabi sa akin ng pinsan ko, “Si Lord na ang bahala sa akin.” Kumalat na ang kanser sa kanyang mga obaryo, bituka at lapay (*pancreas*). Bumabalik sa isipan ko ang mga sinabi niya.

Nitong mga nakaraang taon, nakamalas ako ng matinding pagdurusa. Marami akong kaibigan sa kalapit-bahayan na nagkakanser. Pumanaw na ang ilan; ang iba’y nakikipaglaban pa.

Nakakita rin ako ng mga may sakit na, bagama’t nagdurusa pa rin, ay patuloy na nabubuhay nang masaya at may kabuluhan, at hinahanapan ng layunin ang kanilang pagkakasakit. Napagpala ng sakit nila ang ibang tao — tulad ng pagpapalang natanggap natin sa pagdurusa’t kamatayan ni Jesus.

Panahon na sigurong aksiyunan ko ang inspirasyong tatlong taon nang nangungulit sa akin — ang magbuo ng *support group* para sa mga may kanser na hindi lang magiging santuario para sa may mga sakit kundi pagkukunan din ng suporta ng mga *caregiver*.

Isang inspirasyon, isang dasal, isang kaluluwang nagkukusang-loob.

Habang isinusulat ko ito, alam kong isinasaayos ng Diyos ang buhay ko para sa katuparan ng kalooban Niya. *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Paano mo tinitingnan ang pagdurusa mo at ng mga tao sa paligid mo? Nakikita mo ba ang kabuluhan ng mga ito?

*Panginoon, kay raming pagdurusa sa aming paligid at sa kalooban namin. Ipagkaloob Mo sa amin ang biyayang makita ang layunin Mo sa pagpapahintulot na maganap ang mga ito.*

***San Guillermo ng Gellone, ipanalangin mo kami.***

**29**

SABADO

**MAYO**

Judas 17, 20b-25
Salmo 63:2, 3-4, 5-6
**Marcos 11:27-33**

*Tinanong siya, "Ano ang karapatan mong gumawa ng bagay na ito? Sino ang nagbigay sa iyo ng karapatang ito?" – Marcos 11:28*

# SINO KA?

Naanyayahan kaming dumalo sa *prayer meeting* sa kapilya ng kalapit naming *village*. Labindalawa lamang ang dumating. Dahil may mga kabataang nag-eensayong kumanta sa loob ng kapilya, may nagyaya na sa sakristiya na lamang kami. May ibang nainis dahil nawalan kami ng lugar. May ibang nag-alala sa mga darating pa. Nagkaroon ng diskusyon. Nagkapikunan. Nagkagalitan. Nagsalita ang asawa ko, "Dumalo tayo dito para mag-*prayer meeting*. Walang kabuluhan kung magdidiskusyon tayo kaya umpisahan na lang natin ang ipinunta natin dito." Ngunit may galit na mag-asawang humarap sa mister ko at sinabing, "Ano ang sinasabi mo? Sino ka ba? Ano ang karapatan mo?"

Pagkatapos kaming ipakilala ng madreng kasama namin, lahat kami'y nagtipon sa pagdarasal. Humingi sila ng dispensa sa kung paano kami pinakitunguhan ng galit na mag-asawa.

Noong panahon ni Kristo, hindi rin Siya nakaligtas sa agam-agam ng mga tao tungkol sa karapatan Niya. Ganoon din sa buhay natin, maraming tao ang magtatanong kung sino tayo, kung ano ang ginagawa natin at ano ang pananampalataya natin. Ngunit maaari nating panghawakan na tayo ay mahal na mga anak ng Diyos at maaari tayong mamuhay nang ayon sa kagustuhan ng ating Panginoon. *Sol Saura (solmsaura@gmail.com)*

Pagninilay: "Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa…" (Mateo 28:18-19)

*Panginoon, sa gitna ng hirap at pasakit, mamumuhay ako para sa Iyo.*

***San Conon, ipanalangin mo kami.***

**30**
LINGGO
**MAYO**

**Mga Kawikaan 8:22-31**
Salmo 8:4-5, 6-7, 8-9 (2a)
Mga Taga-Roma 5:1-5
Juan 16:12-15

*Solemnidad ng Banal na Santatlo*

*"Matagal nang panahon nang anyuan niya ako, bago pa nalikha at naanyo itong mundo." – Mga Kawikaan 8:23*

# ANG MUNTING ISDA

Ganito ang takbo ng isang kuwento mula sa *The Song of the Bird* ni Anthony de Mello:

"Mawalang galang po," sabi ng munting isda, "Puwede niyo po bang sabihin sa akin kung ano ang dagat?"

"Ang dagat," sagot ng nakatatandang isda, "ay ang kinalalagyan mong lugar ngayon."

"Ah, ito? Pero ito'y tubig," sabi ng bigong isda habang lumalangoy siya palayo.

Minsan, tulad tayo ng munting isdang iyon, paikot-ikot sa paghahanap sa Diyos. Hindi natin nakikita agad na naroroon ang Diyos. Siya ang Tagapaglikha ng lahat ng nakapaligid sa atin, mula sa malawak na sanlibutan hanggang sa pinakamaliit na butil ng buhangin. Siya si Kristo na iwinaksi ang sarili para maging tulad natin, naging tao, mahina at marupok ang kalooban. Siya ay Espiritu na nananahan sa ating kalooban, palaging gumagabay sa atin kahit na pinipili nating hindi Siya pansinin.

Hindi ba't napakasuwerte natin dahil kahit saan tayo tumingin — sa paligid, sa kapwa natin o sa sarili natin — nakikita natin ang larawan ng Diyos? *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: "Tumigil ka sa paghahanap, munting isda. Wala kang dapat hanapin. Ang kailangan mo lang gawin ay tumingin." (Anthony de Mello)

*Ikaw ang aking Diyos! Sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.*

***San Huberto, ipanalangin mo kami.***

31

LUNES

MAYO

Sofonias 3:14-18a
(or Mga Taga-Roma 12:9-16)
Isaias 12:2-3, 4bcd, 5-6
**Lucas 1:39-56**

*Kapistahan ng Pagdalaw ng Birheng Maria kay Sta. Isabel*

*"Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan. Siya'y banal!" – Lucas 1:49*

# PAGIGING SINGKUWENTA

Sa pagsusulat ko nito, may nakita akong *email* na isinulat ko sa isang malapit kong kaibigan bago ako nagsingkuwenta.

"Habang naglalakad ako galing sa simbahan kaninang umaga, nag-umapaw ang puso ko sa panalangin ng pasasalamat. Marami na Siyang nagawang mabuti sa buhay ko at sinabi ko sa Panginoon, 'Tulungan Mo po akong isuko ang buhay ko sa Iyo bawat araw, ang kagustuhan ko sa kalooban Mo, nang ang kaluwalhatian Mo ay lalong makita sa akin.'" Patuloy ko pa, "Ilang araw bago ang ngayon, sinusuri ko ang kalooban ko at isang mahalagang damdamin ang lumitaw — na kailangan ko nang isuko ang dati kong mga pangarap, kahilingan, kahit mga panalangin na pinili ng Diyos na hindi sagutin sa paraang inasahan ko. Siguro mas kuntento na ako sa kung anong mayroon ako sa buhay ko ngayon kaysa umaasa ako sa mga bagay na hindi para sa akin."

Ang pagtungtong ko sa edad na singkuwenta ang nagmulat sa akin sa anyo ng buhay ko at napahalagahan ko ang bawat biyaya, bawat pagsubok, bawat paghihirap, bawat krus na daan, bawat kabiguan at bawat tagumpay na naganap sa buhay ko. Natutunan kong manahimik sa walang patid na presensya ng Diyos at pagkilos Niya sa buhay ko, dahil alam kong ang buhay ko ay nasa mga kamay Niya. *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Ano ang mga nagawa na ng Diyos sa buhay mo? Magpasalamat ka.

*Panginoon, imulat Mo ako sa mga gawain Mo sa buhay ko at turuan Mo akong magtiwala na alam Mo ang pinakamabuti para sa akin.*

***San Vitale, ipanalangin mo kami.***

**1**
MARTES
**HUNYO**

**2 Pedro 3:12-15a, 17-18**
Salmo 90:2, 3-4, 10, 14, 16
Marcos 12:13-17

*Naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa na paghaharian ng katuwiran, sapagkat ganoon ang kanyang pangako. – 2 Pedro 3:13*

# HUBUGIN ANG MUNDO MO

Ang kaibigan kong si "Jim" ay isang adik. Tumira siya sa rehab nang isang taon. Bagong tao na siya nang umuwi siya.

Pero pagkaraan ng ilang araw, binisita siya ng isang kaibigan niyang nagdodroga at inalok siyang mag-shabu. Tumanggi si Jim. Pero patuloy siyang nakipagkita sa mga dating kaibigan. Pagkalipas ng tatlong buwan lamang, nanumbalik ang adiksyon ni Jim, at mas lumala pa.

Anong naging sanhi ng pagbagsak niya? Hinubog niya ang panloob niyang mundo pero hindi ang panlabas. Kailangan niya ng bagong mga kaibigan at mga lugar na tatambayan. Kailangan din niya ng mga bagong kahihiligan, bagong tugtuging pakikinggan, bagong mga aktibidades.

Simple lang 'yan. Kung lulong ka sa alak, huwag ka nang sumama sa mga kaibigan mong mahilig uminom. Kung sugarol ka, putulin mo na ang pakikipagkaibigan mo sa mga kaibigan mong nagsusugal. Maraming tao ang hindi gumagamit ng kapangyarihan nilang mamili ng kaibigan. Tinatangap lang nila sa buhay nila ang kahit sinong tumatawag at bumibisita sa kanila. Malaking pagkakamali ito. Piliin mo ang mga kaibigan mo na nais mong tularan.

At pagkatapos, isabuhay mo ang mga pangarap mo. *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: Ano ang nasa panlabas kong mundo na may di magandang impluwensiya sa akin?

*Panginoon, turuan Mo akong ihiwalay ang sarili sa mga bagay at taong humahadlang sa nais kong maging.*

***San Iñigo, ipanalangin mo kami.***

**2**
MIYERKULES
**HUNYO**

2 Timoteo 1:1-3, 6-12
Salmo 123:1b-2ab, 2cdef
**Marcos 12:18-27**

*"Maling-mali kayo. Alam ninyo bakit? Hindi ninyo nababatid ang mga Kasulatan ni ang kapangyarihan ng Diyos." – Marcos 12:24*

# AYAW PUMAYAG MALINLANG

Isang mabigat na pasanin sa buhay niya ang paglipat ng anak niya sa Saksi ni Jehovah. At ang nagpapalala pa nito ay ang walang sawang pagpipilit ng anak na lumipat din siya sa sektang iyon.

"Kaya panay ang pagdalo ko sa bukluran linggu-linggo at sa ibang mga pagkakataon ay para lumalim sa pag-unawa ng Salita ng Diyos mula sa pananaw [ko bilang] isang Katoliko," madalas niyang sinasabi.

Kapag nagbubukluran kami, kadalasa'y ibinabahagi niya ang pagtatalo nila ng anak niya. Desidido kasi talaga ang anak niya na dalhin siya sa kabilang kampo. Kaya lalo niyang pinagsisikapang pag-aralan ang katuruang Katoliko. At paunti-unti na niyang nakikita ang pagkakaiba nito sa katuruan ng Saksi.

Di tulad ng anak niya, hindi siya papayag malinlang sa ibang pananampalataya. Hindi siya papayag mailayo siya sa katotohanan nino man, maski sarili niyang anak. Ibang-iba siya sa ipinakita ng mga Pariseo na nalinlang sa katotohanan dahil sa masamang motibo. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Nagbabasa ba ako ng Salita ng Diyos? Tinatawag ko ba ang Banal na Espiritu para gabayan ako sa aking pag-unawa sa Biblia?

*Panginoon, binubuksan ko po ang aking puso sa Inyong Salita. Ipagsanggalang po Niyo ako sa kasinungalingan ng kalaban nang marinig ko Kayo at makasunod ako sa sinasabi Niyo parati. Amen.*

***San Eugenio, ipanalangin mo kami.***

3
HUWEBES
HUNYO

**2 Timoteo 2:8-15**
Salmo 25:4-5ab, 8-9, 10, 14
Marcos 12:28-34

*Pagsikapan mong maging karapatdapat sa Diyos, manggagawang walang dapat ikahiya. – 2 Timoteo 2:15*

## ARAW-ARAW NA MISA, KATAPAT AY GINHAWA

"Tama ba ang narinig ko na araw-araw kang nagsisimba?" tanong ng *boss* ko habang nagsasalu-salo kami sa bahay niya noong gabing iyon.

"Opo," sagot ko, nagtataka kung paano niya nalaman.

Sabi ko sa kanya, kailangan ko iyon sa trabaho ko dahil doon ko nakukuha ang lakas, karunungan, gabay at proteksyon.

Nagtatrabaho ako sa ibang bansa at marami akong dinaraanang mga pagsubok araw-araw. Nakakapagod. Tiyak na babagsak ako kung wala ang Panginoon. Puruhin ang Diyos, patuloy Niyang ipinakikita ang kabutihan Niya na nagdadala sa akin sa tagumpay! Araw-araw.

Ngunit sa puso ko, ang pagmamahal ko sa Kanya ang nagbubugso sa akin upang hanapin Siya bawat araw. Sinasabi sa Ebanghelyo ngayon, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong pag-iisip, at nang buong lakas" (Marcos 12:30). Malayo ako sa pamilya ko kaya gusto ko silang makausap araw-araw dahil mahal ko sila. Naniniwala ako na dapat araw-araw din akong nakikipag-usap sa Diyos dahil sa tunay kong pag-ibig sa Kanya. Habang nagpapakita ako sa Kanya sa araw-araw na Misa, ginagabayan Niya ako upang magtagumpay ako sa trabaho ko. *Danny Tariman (danny@dtariman.com)*

Pagninilay: Nahihirapan ka ba sa inyong trabaho? Subukan mong hanapin ang Panginoon sa Eukaristiya.

*Salamat Panginoon sa Inyong pag-gabay. Ikaw ang aking Karunungan, Ikaw ang aking Lakas.*

***San Kevin, ipanalangin mo kami.***

# 4
BIYERNES
HUNYO

**2 Timoteo 3:10-17**
Salmo 119:157, 160-161, 165-166, 168
Marcos 12:35-37

*Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at nagagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagtatama sa maling katuruan... – 2 Timoteo 3:16*

## MGA SALITA NG BUHAY

Nakita mo na sila sa TV.

Bawat isa'y nagsasabing tama sila. Pareho nilang binabanggit ang mga kasulatan sa Biblia, ginagamit ang Salita ng Diyos para sa depensa o opensa.

Gayun pa man, ang naidudulot lang nila ay tila mas matinding pagkakawatak-watak. Mga insulto't hamon ang pangunahing armas nila sa pagpapabagsak sa isa't isa. Nakalulungkot na ginagamit ang Mabuting Balita sa mapangwasak na debate at pagbibigay ng maling impormasyon. Parang nagpapagalingan lang sila.

Sobrang paggamit, maling paggamit at pag-abuso sa Banal na Kasulatan ay hindi maghahatid sa atin sa Diyos.

Palagi akong pinadadalhan ng kaibigan kong si Rene ng mga *text* na naglalaman ng mga salita ng pag-asa mula sa Diyos. Madalas na naaantig pa rin nito ang puso ko. Palaging napapanahon sila sa akin. Ito dapat ang naidudulot ng Banal na Kasulatan: maging paghuhugutan ng inspirasyon at personal na mensahe ng Diyos para sa iyo. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: May naibahagi ka na bang mga salita mula sa Biblia na nakapagpabuti ng pakiramdam ng kapwa mo ngayon?

*Panginoon, Ikaw lamang ang nagtataglay ng mga salitang pang-habang buhay. Nawa'y maging saksi ako para sa Iyo.*

***Sta. Breque, ipanalangin mo kami.***

**5**
SABADO
**HUNYO**

2 Timoteo 4:1-8
Salmo 71:8-9, 14-15ab, 16-17, 22
**Marcos 12:38-44**

*"Sapagkat ang lahat ay nagkaloob ng bahagi lamang... ngunit ang ibinigay ng biyudang iyon... ay ang buo niyang ikinabubuhay." – Marcos 12:44*

# ANG SIKRETO KO SA PAGBIBIGAY

Ibabahagi ko sa 'yo ang sikreto ko sa pagbibigay. Kapag mas kaunti ang mayroon ako, lalo akong nagbibigay. Kapag mas nag-aalinlangan akong magbigay, lalo akong nagbibigay. Kapag lalo kong nilalabanan ang magbigay, lalo akong nagbibigay. Dahil sa paniwala ko, noon ako tunay na nagbibigay.

Siyempre, alam kong hindi mo maibibigay ang wala sa iyo. Pero alam ko rin na walang tao ang ganoong kahirap para hindi makapagbigay. Ilista mo ang tatlong T mo — *treasure, time and talent* (yaman, oras at talino) — at makikita mong may maibabahagi ka kahit isa man lang sa mga ito.

Ang pagbibigay ay maaari ring mangahulugang "pagsuko" ng mga bagay para sa mas mahalagang kapakanan: ang kapalaluan mo sa pamamagitan ng pag-amin sa mga pagkakamali mo at paghingi ng tawad, ang galit at katigasan ng ulo mo sa pamamagitan ng pagngiti nang tunay, ang isang umuulit na kasalanan na nakakasakit na sa iyo at sa mga minamahal mo at magpapasya ka na tama na! Hindi ito madali, dahil sa pagbibigay, unti-unti kang namamatay. Pero sa ganitong uri ng pagbibigay ng sarili natin tayo nakatatagpo ng tunay na kagalakan, kapayapaan at kalayaan sa puso natin.

Matuto tayo sa balo na ibinigay ang lahat ng kakaunting mayroon siya — at maging malaya. *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Anong mga bagay ang hindi mo mabitiwan? Panahon na ba para ipamigay mo sila?

*Kunin Mo at tanggapin ang isip ko, ang puso ko, ang kaluluwa ko, ang lakas ko , ang pagkatao ko. Pahintulutan Mong matanggap Kita nang lubos sa buhay ko. Amen.*

***San Adalaro, ipanalangin mo kami.***

6

LINGGO

HUNYO

Genesis 14:18-20
Salmo 110:1, 2, 3, 4
**1 Mga Taga-Corinto 11:23-26**
Lucas 9:11b-17

*Solemnidad ng Katawan at Dugo ni Kristo*

*"Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin."*
*– 1 Mga Taga-Corinto 11:24*

# NAAALALA MO…

Bilang magulang, may mga panahong kinakailangan kong ipaalala sa mga anak ko ang tungkol sa mga itinuturo ko sa kanila. At kapag nakalimutan nila, pinaaalalahanan ko sila ulit.

Noong tatlong taong gulang ang panganay ko, nagwawala siya sa *mall* kapag hindi niya nakukuha ang gusto niya. Ngumangawa't nauupo siya sa sahig hanggang sa dumating ang susunod na milenyo. Kapag naubusan na siya ng boses at luha, sinasabi ko sa kanya nang malumanay pero mariin, "Tandaan mo ito, Dana. Kahit lumuwa ang mga mata mo sa kaiiyak, ang 'hindi' ko ay mananatiling hindi."

Sa mga sumunod na pagkakataong nag-ugali siya ng ganoon, tinatanong ko siya, "Naaalala mo ang sinabi ni Mommy? Na kahit umiyak ka…." At tatapusin niya ang pangungusap ko, "hanggang lumuwa ang mga mata ko." Pagkaraan ng limang minuto, tatahan na siya't tatayo, at mamamasyal na kami na parang walang nangyari.

Tulad nito, gumagamit din ng iba't ibang pamamaraan ang Diyos para ipaalala sa atin kung gaano Niya tayo kamahal. Kailangan lang natin imulat ang mga mata natin, ang puso natin, at ang mga Biblia natin para makita ang mga paalala Niya. Huwag nating pagtuunan ang mga panahon ng kabiguan, sa halip ay pagtuunan natin ang mga panahong pinaaalala Niya kung gaano tayo ka-espesyal sa Kanya.

*Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Kung kailangan mong maalala kung gaano ka kamahal ng Diyos, tingnan mo lamang ang Krus.

*Patawad, Panginoon, sa mga panahong pinahintulutan ko ang pagkabahala na pangibabawan ako.*

***San Agobardo, ipanalangin mo kami.***

**7**
LUNES
**HUNYO**

1 Mga Hari 17:1-6
Salmo 121:1bc-2, 3-4, 5-6, 7-8
**Mateo 5:1-12**

*"Mapalad ang mga nagdadalamhati, sapagkat aaliwin sila ng Diyos!" – Mateo 5:4*

# PINAGPALA ANG DI MASAYA

Paulit-ulit kong binabasa ang talambuhay ni Sta. Teresita del Niño Jesus at natanto ko kung gaano ako kalayo sa pagiging santo.

Hindi lang tinitiis ng mga santo ang pagdurusa, niyayakap nila ito. Gaya noong nadestino ang isang masungit na madre sa kumbento, kusang-loob na inasikaso ni Sta. Teresita ang madre at pinasasaya niya pa ito kahit na puro reklamo ang natatanggap niya mula rito.

Kung ako 'yon, iniwan ko na ang madreng iyon at naghanap na ako ng ibang paraan ng paglilingkod sa Diyos. Pero napag-isipan ko ang mga panahong miserable ako at natanto ko na lagi akong nakaaahon sa mga pagsubok nang may mas matinding pananalig sa Diyos.

Sa tingin ko ipinamumukha sa atin ng pagdurusa na hindi natin kayang malampasan ito nang mag-isa, kaya sumasandal tayo sa Diyos. At sa halip na maalala natin ang mga pagsubok bilang panahon ng pagkabigo, alalahanin natin ito bilang panahon ng tagumpay kung kailan itinawid tayo ng Diyos sa malubak na paglalakbay.

Balang araw, magkakaroon ng walang hanggang tagumpay kapag nagbalik si Kristo para bigyang katapusan ang lahat ng pagdurusa. Hanggang sa sandaling iyon, sana matutunan kong salubungin ang mga pagdurusa alang-alang sa Diyos at sa ibang mga makasalanan.

*Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Sa kabila ng mga pagsubok na nagnanakaw ng kasiyahan ko, masasabi ko pa rin, "Binigyan Mo ako, O Panginoon, ng kagalakan sa lahat ng aking gawain." (Sta. Teresita del Niño Jesus)

*Panginoon, may hihigit pa bang kagalakan sa pagdurusa alang-alang sa pagmamahal sa Iyo?*

***San Gottschalk, ipanalangin mo kami.***

**8**

MARTES

**HUNYO**

1 Mga Hari 17:7-16
Salmo 4:2-3, 4-5, 7b-8
**Mateo 5:13-16**

*"…dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harapan ng mga tao…" – Mateo 5:16*

## LIWANAG NG ILAW

Naaalala ko noong bata pa ako, pag namumroblema ang nanay ko sa pera, nilalagyan ko ang pitaka niya ng pera mula sa naipon ko sa baon ko. Wala akong pinagsabihan nito hanggang ngayon. At isa lamang ito sa mga magagandang nagawa ko na hindi ko ipinagsasabi. Maaga ko siguro natutunang huwag ipagsabi ang mabuting nagagawa ko.

Kaya lang, nang naging Kristiyano na ako, natutunan ko na hindi ito parating tama. Katulad nitong pagsusulat ko sa *Gabay*. Minsan ang talatang pinagninilayan ko ay nauugnay sa magandang nagawa ko. Tinuro rin sa aming *Christian community* na dapat ibahagi ang mga karanasan sa maaaring magbigay-tulong o inspirasyon sa ibang tao. Kapag kinikimkim daw ito, nagkakasala tayo ng "maling pagpapakumbaba" at hindi raw tayo bibiyayaan ng Diyos o hindi papasok ang grasya. Kaya sa pagsusulat ko rito ng mga pagninilay ko, medyo malakas na ang loob kong ibahagi ang mabuti kong nagagawa para "paliwanagin ang aking ilaw" sa ibang tao at nawa'y ito ay makatulong sa kanila. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: May tinatago ba ako na maaaring makatulong sa iba kapag binahagi ko?

*Diyos ko, maraming salamat sa maraming magagandang ginagawa Ninyo sa pamamagitan ko na nagbibigay liwanag sa aking kapwa. Amen.*

***San Bruno, ipanalangin mo kami.***

9
MIYERKULES
HUNYO

**1 Mga Hari 18:20-39**
Salmo 16:1b-2ab, 4, 5ab, 8, 11
Mateo 5:17-19

*"Ang Panginoon ay siyang Diyos!" – 1 Mga Hari 18:39*

# MGA ARAL MULA SA *KERYGMA CONFERENCE* 2008

Bilang bahagi ng *Kerygma Conference* 2008, alam ko ang mga paghihirap at mga milagro na naganap para maisatupad ang kaganapang ito. Habang papalapit ang kaganapan, at may kaliwa't kanang mga aberya, tumindi ang tensyon. Maraming nagkasakit, pati ako. Pero alam mo ba kung anong natutunan ko sa karanasang iyon?

Na kapag ang isang bagay ay kalooban ng Diyos, ipinatutupad Niya ito. Naisasaayos ang lahat sa kabila ng mga aberya — at palagi itong nasa tamang oras. Na kapag ito'y gawain ng Diyos, hinihipo Niya ang puso ng mga tao para suportahan ang kaganapan. Dumarating pa ang mga isponsor at *donor* hanggang sa huling linggo bago ang kaganapan.

At nang nakausap ko ang ilang taong dumalo, lalo akong nakumbinsi na hindi aksidente ang pagdalo nila roon. Bawat isa ay tinawag ng Diyos, at may kuwento sila tungkol sa kung bakit at paano sila napunta roon, at kung paano sila nahipo ng Panginoon.

Kaya, kung aalukin uli ako na makibahagi sa mga susunod na *Kerygma Conference*, buong puso kong ibigay ang oo ko. Asahan mo 'yan! *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Nakikita mo ba ang pagkilos ng Diyos sa araw-araw na mga kaganapan sa buhay mo? Sa mga pangunahing kaganapan sa buhay mo?

*Panginoon, dagdagan Mo po ang kakayahan kong tumugon sa mga gawain ng Iyong mga kamay sa buhay ko nang maihayag ko ito sa buong mundo.*

***Banal na Diana, ipanalangin mo kami.***

**10**

HUWEBES

**HUNYO**

1 Mga Hari 18:41-46
Salmo 65:10, 11, 12-13
**Mateo 5:20-26**

*"Iwan mo muna ang iyong handog sa harap ng dambana at makipagkasundo ka sa kanya…" – Mateo 5:24*

# SUMAIYO ANG KAPAYAPAAN

Nakapunta na ako sa ibang lugar sa bansa kung saan ang katahimikan ay walang katumbas na halaga, ngunit tila ay isang mailap na panaginip.

Nabisita ko ang Jolo, Sulu nang maraming beses. Nanguna ako sa isang *peace rally* sa Iligan isang araw bago ito binomba at sinalakay. Nakipag-usap ako sa mga pari at *peace advocate* ng Silsilah *Dialogue Movement* sa Zamboanga kung saan ang mga Kristiyano't Muslim ay nakatira sa iisang daungang tinatawag na *Harmony Village*.

Ito ang natuklasan ko: na ang kapayapaan ay nakakamit sa patuloy na pag-uusap at pag-uunawa. At ang kamangmangan, paghahatol, di pagpapatawad, pagganti, makitid na pag-iisip at saradong pananaw ay nagdadala ng kaguluhan. Dahil ang kapayapaan ay nasa isip, puso at kaluluwa. At ang mga katotohanang ito ay di lang para sa mga pag-uusap sa pagitan ng magkakaibang sekta ng relihiyon.

Sa ating tahanan at lipunan, kapag walang pag-uusap at pag-uunawa, walang kapayapaan. Kaya sinasabi sa Ebanghelyo ngayon, "Kaya't kung mag-aalay ka ng handog sa dambana para sa Diyos … makipagkasundo ka [muna] sa [iyong kapatid]. Pagkatapos, magbalik ka at maghandog sa Diyos."

Kung tayo nga ay mga anak ng Diyos, kay raming kabutihan sa kalooban ng bawat isa sa atin. Ang kapayapaan ay nag-uugnay sa likas nating kabaitan. *Alvin Barcelona(alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: May kapayapaan ka ba? Kung wala, ano ang pinagmumulan ng iyong kaguluhan?

*"Panginoon, gamitin Mo akong kasangkapan ng Iyong kapayapaan. Kung saan may pagkapoot, pahintulutan Mo akong maghasik ng pag-ibig…"*

***Banal na Olivia, ipanalangin mo kami.***

11

BIYERNES

HUNYO

**Ezekiel 34:11-16**
Salmo 23:1-3a, 3b-4, 5, 6 (1)
Mga Taga-Roma 5:5b-11
Lucas 15:3-7

*Solemnidad ng Banal na Puso ni Jesus*

*" Titipunin ko sila mula sa iba't ibang dako upang ibalik sa sarili nilang bayan. Doon ko sila aalagaan sa kaparangan ng Israel..." – Ezekiel 34:13*

# MAGANDANG BUHAY

Ang mahamog na bundok at asul na kalangitan ay napakalapit sa isa't isa kaya't naisip kong makikita ko ang Diyos sa abot-tanaw, nakangiti't bukas ang mga braso, marahang ibubulong sa akin ang walang sukat Niyang pag-ibig.

"Diyos ko, kamangha-mangha ang sangnilikha Mo!" nasambit ko habang pinanonood ang napakagandang tanawing nadaanan namin sa Bukidnon papuntang Cagayan de Oro. Hindi ko ikatutuwa ang kagandahan ng sangnilikha ng Diyos kung hindi Niya ako biniyayaan ng kalayaan. Higit pa riyan, hindi ko maitataglay ang puso ni Jesus kung hindi Niya ako pinahintulutang makulong nang 20 taon.

Sa pagbabalik-tanaw ko sa buhay ko sa kulungan, nag-uumapaw ang puso ko sa pasasalamat sa nangyari sa akin doon. Ang makadaupang-palad ang iba't ibang uri ng tao roon ay nagdulot sa akin ng mga kakayahan makipag-ugnayan sa mga tao na nagagamit ko sa trabaho ko ngayon bilang isang *sales person*.

Tunay ngang ang mga pamamaraan ng Diyos ay di tulad ng sa atin. Kung ang pagkakakulong ay katapusan na ng buhay para sa iba, ginamit ito ng Diyos para hubugin ako sa Kanyang anyo. Paraan Niya iyon ng pagliligtas sa akin sa kasalanan at pagbabalik Niya sa akin sa Kanyang kawan. *Beth Corral (bethcorral_0330@yahoo.com)*

Pagninilay: Dapat tayong magkaroon ng kakayahang tumugon sa tawag at mga mensahe ng Diyos para sa atin nang malaman natin ang nais Niyang ipagawa sa atin para sa higit Niyang kaluwalhatian.

*Panginoong Jesus, nawa ako'y mapabanal sa paraang ninanais Mo.*

***Sta. Tochmura, ipanalangin mo kami.***

12
SABADO
HUNYO

Isaias 61:9-11
Salmo 113:1b-2, 3-4, 5-6, 7
**Lucas 2:41-52**

*Paggunita sa Kalinis-linisang Puso ni Maria*

*"Hindi ba ninyo alam na ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?" – Lucas 2:49*

# TULOY ANG NEGOSYO

Mula nang mapadpad ako rito sa lupang banyaga, hindi ako nagkaroon ng pagkakataong makapagpahayag ng Mabuting Balita tulad ng ginagawa ko sa Maynila sa loob ng 12 buwan.

Maayos naman ang gawain ko sa opisina. Maganda naman ang trabaho ko. Medyo mahirap pero masaya naman ako. Ngunit parang may kulang. Ito ay tungkol sa "Gawain ng Ama."

Nang umalis ako ng Maynila, alam kong mayroon akong gagawin dito — isang bagong misyon na ibinigay ng Panginoon.

Pinagbuti ko ang "gawain." Ibinahagi ko ang Panginoon sa bawat pagkakataon; pinagbuti kong maging saksi Niya kahit mahirap. Naikuwento ko ang Panginoon sa mga kasama ko, sa mga kapwa manedyer ko, sa mga guwardiya at mga diyanitor, at sa lahat ng pagkakataon. "Hindi ko ikinahihiya ang Mabuting Balita tungkol kay Kristo, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos" (Mga Taga-Roma 1:16) na kumikilos sa akin.

Isang araw, binuksan ng Panginoon ang isang malaking pagkakataon na magturo ako sa lingguhang Gawain ng *Archdiocesan Catholic Charismatic Renewal*. Matapos ang matagal na paghihintay, ngayon ay *"tuloy ang negosyo ng Ating Ama."* *Danny Tariman (danny@dtariman.com)*

Pagninilay: Nahihiya ka bang magbahagi tungkol sa Panginoon sa iyong mga barkada o kaopisina?

*Panginoon, patawad sa mga pagkakataong pinalampas kong maibahagi ang Inyong kabutihan. Bigyan Mo ako ng lakas na maging saksi Mo!*

***San Christian, ipanalangin mo kami.***

**13**
LINGGO
**HUNYO**

**2 Samuel 12:7-10, 13**
Salmo 32:1-2, 5, 7, 11
Mga Taga-Galacia 2:16, 19-21
Lucas 7:36-8:3

*Sinabi agad ni Natan kay David, "Ikaw ang lalaking iyon!" – 2 Samuel 12:7*

# IKAW 'YON!

*"You are the man!"* Para itong musikang matamis pakinggan para kay Steve.

Binabati siya ng mga kasamahan niya. May handaan para parangalan siya. Isa nang produkto ang ideya niya. Lumapit pa sa kanya ang presidente ng kompanya at pinuri siya. Ang ganda ng pakiramdam ni Steve.

Sa sobrang saya niya, yumabang siya. Mababa na ang trato niya sa mga kaibigan niya. Ipinagpalit niya ang nobya niya sa isang babaeng mas glamorosa. Nagpakasaya siya.

At pagkatapos, bumagsak ang produkto.

Nawala ang mga taong nakapaligid sa kanya. Sinisi siya ng *boss* niya at sinisante siya. Naghanap ng mas mayamang lalaki ang glamorosang nobya niya. Wala siyang katrabahong tumulong sa kanya.

Bumalik siya sa mga kaibigan niya na, sa huli, ay inunawa siya. Naglumuhod siya sa dating nobya at tinanggap siya uli nito.

Paminsan-minsan inaako natin ang tagumpay at nakalilimot tayong kasama ang Diyos sa ekwasyon. Kapag bumabagsak tayo, saka lang natin natatanto kung bakit nangyari ang lahat ng ito.

Lagi nating tatandaan kung sino ang pinagmumulan ng tagumpay. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Dapat natin laging tingnan ang ating mga tagumpay bilang biyaya mula sa Diyos.

*Salamat, Panginoon,sa lahat ng aking mga tagumpay. Lahat ng ito ay posible dahil lang sa Iyo.*

***Sta. Aquilina, ipanalangin mo kami.***

14

LUNES

HUNYO

1 Mga Hari 21:1-16
Salmo 5:2-3ab, 4b-6a, 6b-7
**Mateo 5:38-42**

*"Kung sinampal ka sa kanang pisngi, iharap mo rin sa kanya ang kaliwa." – Mateo 5:39*

# BIKTIMA O NAGTAGUMPAY?

Nahuli ko ang nobyo kong niloloko ako nang pang-ilang beses na. Naisaulo ko na noon ang talatang "Ilang beses ko po bang patatawarin ang kapatid kong paulit-ulit na nagkakasala sa akin?… Hindi ko sinasabing pitong beses, kundi pitumpung ulit na pito..." pati na ang talata sa itaas mula sa Ebanghelyo ngayon.

"Alam ko ang tungkol kay Miss X," sabi ko sa kanya. Nang binanggit ko ang pangalan, sinimulan niya ang karaniwang pagtanggi niya. Isang linya pa lang ang nasasabi niya nang itinaas ko ang kamay ko para patigilin siya, at sinundan ko ng madulang linya: "OK lang. Napatawad na kita." Hindi ko makalimutan ang anyo ng mukha niya na sinundan ng mahabang katahimikan na nagbigay-daan sa pag-iyak niya. Aaaah… ang kapangyarihan ng pagpapatawad. Pero hindi nito napigil ang pambababae niya. Nakuha ng isang kaibigan ko na iuntog ang ulo ko sa katotohanan nang sinabi niyang maaari akong magpatawad pero hindi ko kinakailangang manatili sa relasyong iyon.

Ang mga salita ni Jesus ay naglalayong bigyan tayo ng lakas at turuan tayong magmahal kahit na nakakaabala ito sa atin. Hindi ito para gawin tayong biktima, kundi gawin tayong mga nagtagumpay habang natututo tayong isuko ang karapatan natin sa ating sarili at pahintulutan Siyang mabuhay sa pagkatao natin.

*Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Maging mapagkumbaba tulad ng mga tupa ngunit kasing talas ng mga ahas.

*Panginoon, pahintulutan Mong magbigay-lakas sa akin ang Iyong Salita at patuloy akong panibaguhin.*

***San Elgar, ipanalangin mo kami.***

**15**
MARTES
**HUNYO**

1 Mga Hari 21:17-29
Salmo 51:3-4, 5-6ab, 11, 16
**Mateo 5:43-48**

*"Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa mabubuti gayon din sa masasama..." – Mateo 5:45*

# MGA BIYAYA PARA SA LAHAT

Napansin mo ba na ang hanging hinihinga mo ay hinihinga rin ng tamad, matigas ang ulo at walang kuwentang batugan? Nakikita mo ba kung paano ang bungangera, traidor at mapanirang kapit-bahay, kaklase o kaopisina mo ay naaarawan at nauulanan ng iisang araw at ulan gaya mo?

Obserbahan mo kung paanong ang tao ay nabibiyayaan ng Diyos araw-araw. Bakit? Dahil iniibig silang lahat ng Diyos. Lahat tayo ay mahal ng Diyos. Pero heto na...

Pansinin mo kung gaano nakatatanggap ng "mas maraming biyaya ng Diyos" ang mga taong mapagmahal, mapagbigay, mapagpatawad, mapagpasalamat, mapayapa, mapagdasal at masayahin? Dahil sila ang mas bukas ang loob na tumanggap ng mga ito.

Pero tantuhin mo na hindi tumitigil ang Diyos sa pagpapala sa mga taong tila'y "sarado" sa mga biyayang ito. Naririyan ang grasya, habag, kagalingan at mga himala para kanilang kunin — kahit anong oras — kung bubuksan lang nila ang kalooban nila sa Diyos. Ang totoo n'yan, marami sa mga biyaya ng Diyos, tulad ng hangin, araw at ulan, ay palaging naririyan. At mga hibang lamang ang hindi tatanggap sa mga iyan. Pero patuloy pa rin silang minamahal ng Diyos.

Ngayon, bakit mo isusuko ang mga iyan? Bakit ka susuko? *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Nahatulan mo na bang walang pag-asa ang ibang tao? Naisip mo na bang wala ka nang pag-asa? Hindi sumusuko ang Diyos sa iba — at sa iyo.

*Panginoon, ipakita Mo sa akin ang malalim at walang-hanggang pag-ibig Mo nang ako rin ay makapagmahal nang ganoon sa Iyo, sa kapwa ko at sa sarili ko. Amen.*

***Sta. Alicia, ipanalangin mo kami.***

**16**

MIYERKULES

**HUNYO**

2 Mga Hari 2:1, 6-14
Salmo 31:20, 21, 24
**Mateo 6:1-6, 16-18**

*"Kapag nag-aayuno kayo, huwag kayong magmukhang malungkot…" – Mateo 6:16*

## KUWENTO NG PAG-AAYUNO

Dati, tuwing Biyernes ng gabi, nagpupulong kaming mga *prayer warriors* sa *prayer room* mula alas otso ng gabi hanggang madaling araw para ipagdasal ang mga hinihiling ng mga tao at ang kagustuhan ng Banal na Espiritung ipagdasal namin. Para maghanda sa *spiritual warfare*, naging kaugalian ko mag-ayuno tuwing Biyernes. Wala akong kinakain maliban lang sa tubig hanggang 3:00 n.h. Naaalala ko pa kung papaano ako binibigyan ng Diyos ng lakas lalo na sa pisikal. Kung minsan kasi, napakarami kong trabaho, lalo na sa *counseling* ng mga istudyante. Isa sa pinakamahirap na naranasan ko ng "walang kinain" ay nung may laro ng *volleyball* ang mga guro at *counselors*. Akala ko hindi ko matatagalan kasi halos nanginginig na ako sa hina. Subalit sa grasya ng Panginoon, nakayanan ko rin. Nung gabing yun sa aming *intercessory prayers*, ramdam na ramdam ko ang aking tagumpay sa Panginoon. At nakadagdag pa rito yung walang nakakaalam sa aking pag-aayuno. Parang mas masarap tuloy ang pagwawagi ko sa Panginoon. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Ako ba ay nag-aayuno o nagsasakripisyo sa Panginoon para magpakitang-tao? O kami lamang ng Diyos ang nakakaalam?

*Panginoong Jesus, salamat sa pagpapaalala Mong magsakripisyo ako para sa ikabubuti ng aking buhay-pananampalataya. Ituro po Ninyo sa akin kung ano ang aking maaaring gawin — na sa ating dalawa lang po. Amen.*

***Banal na Guy Vignotelli, ipanalangin mo kami.***

**17**
HUWEBES
**HUNYO**

Ecclesiastico 48:1-14
Salmo 97:1-2, 3-4, 5-6, 7
**Mateo 6:7-15**

*"Sa pananalangin ninyo'y huwag kayong gagamit ng maraming salitang walang kabuluhan, gaya ng ginagawa ng mga Hentil." – Mateo 6:7*

## KAPAYAPAAN SA MUNDO

Minsan, matapos kong bisitahin ang isang kaibigan sa ospital, dumaan kami ng mga kaibigan ko sa *St. Joseph Church* sa Cubao para magdasal.

Alam ng isang kaibigan ko na unang beses ko pa lang doon sa simbahang iyon kaya't sinabihan niya akong magbanggit ng kahilingan. Pumikit ako at humiling ng isang bagay; pagkatapos natanto kong makasarili ang paghiling ko gayong napakaraming tao ang nagdurusa, kabilang na ang kaibigan naming nasa ospital. Binawi ko ang kahilingan ko at humiling ako ng mabuting bagay para sa sangkatauhan. Gaya ng kapayapaan sa mundo.

Dala ko ang ganitong pananaw nang nagsimula akong magkaroon ng regular na oras para magdasal. Ipinanalangin ko ang kapayapaan sa mundo kaysa mga bagay ukol sa akin.

Oo, napakadakila ng ganoong dalangin at naniniwala akong nais ng Diyos na ipagdasal natin ang mga ganoon. Pero naniniwala rin ako na nais din ng Diyos na marinig ang nais natin: mga alalahanin natin, mga kagalakan, mga bagay na ninanais natin at mga ikinababahala natin.

Gaya ng isang magulang na nakikinig sa kanyang anak, naniniwala ako na ikinalulugod ng Diyos ang paghatid natin sa Kanya ng mga ganitong alalahanin. *Tina Matanguihan (tina.matanguihan@gmail.com)*

Pagninilay: "Isa itong pagbubunyag ng lubos na pagkagalak kung saan ang anak ng Diyos ay nagbubuhos sa kanlungan ng Ama ng mga alalahanin niya na nagdudulot sa kanya ng sakit at pag-aalala nang malutas Niya ang mga paghihirap na ito." (Oswald Chambers)

*Panginoon, tulungan Mo po akong maalala na may pagkalinga Kayo sa akin gaya ng pagkalinga Mo sa mundo.*

***Sta. Emilia de Vialar, ipanalangin mo kami.***

**18**
BIYERNES
**HUNYO**

2 Mga Hari 11:1-4, 9-18, 20
Salmo 132:11, 12, 13-14, 17-18
**Mateo 6:19-23**

*"Sa halip, mag-impok kayo ng kayamanan sa langit; doo'y walang naninirang insekto at kalawang, at walang nakakapasok na magnanakaw." – Mateo 6:20*

# PAG-IIPON NG KAYAMANAN

Nang nagsimula akong magsulat para sa *Didache* ilang taon na ang nakalilipas, nagpadala sa akin si Bo Sanchez ng mensahe ng pasasalamat. Ipinaliwanag din niya na hindi namin ikayayaman ito pero binanggit niya ang isang talata sa Biblia tungkol sa "pag-iipon ng kayamanan sa langit." Hindi ganoong kaseryoso, pero malalim kung iisipin mo.

Marami sa atin ang nagbabanat ng buto para matupad ang mga pangarap natin: pangarap na tirahan, sasakyan, kagamitan, ari-arian, paglalakbay at komportableng pamumuhay. Walang masama sa pagsisikap para makamit ang mga ito. Ang kaso, oras na makamit natin ang mga iyan, nagmamadali tayong makamit ang iba pa. Walang halaga ng pera o materyal na kayamanan ang makapagbibigay ng kasiyahan sa atin. Pagkatapos ng unang pagkatuwa sa pagkakamit, nananatili ang kawalan sa ating kalooban.

Ang tanging paraan lang para maging masaya tayo ay nasa Diyos. Kung nais mong sumaya, mag-ipon ka ng kayamanan sa langit. Maaari itong maging malalim o simple. Ialok ang oras mo sa mga materyal na yaman sa mga *ministry* tulad ng He Cares at Anawim. Sumali ka sa koro ng parokya niyo. Magturo ng Katesismo. Maging tapat sa negosyo. Magkaroon ng integridad sa trabaho. Ihayag ang salita ng Diyos sa iyong mga kilos.

Sumulat tungkol sa pag-ibig ng Diyos. Iyon ang ginagawa ko. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: Anong mga magagawa ko para makaipon ng kayamanan sa langit?

*Panginoon, iniaalay ko ang mga talino't pag-aari ko sa Iyo. Gamitin Mo sila sa paraang gusto mo. Amen.*

***Sta. Alena, ipanalangin mo kami.***

**19**
SABADO
**HUNYO**

2 Mga Cronica 24:17-25
Salmo 89:4-5, 29-30, 31-32, 33-34
**Mateo 6:24-34**

*"Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pag-kabalisa?" – Mateo 6:27*

# ITIGIL ANG PARANOYA

Pinakapraning na siguro ang mga biyenan ko.

Minsan, umuwi ako nang maaga at tinanong ko ang biyenan kong babae kung nasaan ang anak ko. Nagpanik siya, "Wala siya sa kuwarto niya? Baka kinidnap ng yaya!"

Nang dinala ko ang anak ko sa tabing dagat, mahigit limang beses tumawag ang biyenan kong lalaki para pagbilinan kaming mag-ingat sa mga pating na maaaring lapain ang apo niya nang buhay.

Tinanong ko minsan ang biyenan kong babae kung bakit grabe sila mag-alala. Sabi niya, "Kasi, paano kung may mangyari talagang masama?" Sumagot ako, "Eh di saka po kayo mag-alala. Pero hanggang wala pa kayong natatanggap na masamang balita, kailangang maniwala po kayo na lahat kami ay nasa mabuting kalagayan." Tumingin siya sa akin nang nakangiti at sinabi, "Hindi kami ganoon mag-isip."

Hindi ko alam kung ang pagtitiwala ko ay bunga ng pagiging Kristiyano o dahil positibo lang ang pananaw ko sa buhay. Pero alam ko na habang tumatanda ako at dumarami ang pananagutan, sinisiguro ko na itinataas ko sa Diyos ang lahat ng mga problema ko. Kung nais kong mawalan ng mga alalahanin, itutuon ko ang isipan ko sa susunod na buhay. At alam mo? Lahat ng bagay ay di na gaanong mahalaga. *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: "Kaya nga, huwag ninyong ikabalisa ang para sa araw ng bukas; dahil ang bukas ang bahala sa sarili nito. Sapat na ang inyong mga suliranin sa bawat araw." (Mateo 6:34)

*Iadya Mo po kami sa lahat ng mga pagkabahala namin habang buong pag-asa kaming naghihintay sa muling pagbabalik ng Iyong Anak na si Jesus.*

***St. Gervasio, ipanalangin mo kami.***

**20**
LINGGO
**HUNYO**

Zacarias 12:10-11; 13:1
Salmo 63:2, 3-4, 5-6, 8-9 (2b)
Mga Taga-Galacia 3:26-29
**Lucas 9:18-24**

*"Ang naghahangad na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito, ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito." – Lucas 9:24*

# ANONG KAHULUGAN NG ISANG PANGALAN?

Dahil bumagal ang takbo ng negosyo ko ng mga relihiyosong panregalo, napilitan akong pasukin ang bagong negosyo, pero "mas makamundo" ito. Simula pa lang, nasubukan na ang mga prinsipyo ko.

Nagkaroon ng kaunting kaguluhan sa kompanya namin dahil sa pagpili ng mga paksa para sa miting ukol sa itinatayo naming *website* pang babae. May nagsabi na *sex* daw para mabigyan ang mga miyembro ng lugar para pag-usapan ang tungkol dito. Bagama't hindi masama iyon, nag-alala ako na baka magbukas ito ng di-angkop na talakayan. Sabi nila medyo makaluma na ang pag-iisip ko. May ganito na raw sa ibang mga *website* na pambabae at nakaakit ito ng maraming miyembro at mambabasa.

Ipinakita nila sa akin ang isa pang *website* na may ganitong paksa. Nadismaya ako sa mga malalaswang retrato roon. At kahit wala pa akong malilipatang kompanya, handa akong magbitiw sa trabaho kung ganoon ang gagawin nila sa *website* namin. Naniniwala akong magkasalungat ang paghahayag ko ng pag-ibig sa Panginoon at ang masangkot sa ganitong bagay. Nabasa ko na paminsan-minsan ang buhay natin ang tanging Bibliang mababasa ng ibang tao.

Salamat sa Diyos at pinahintulutan Niya akong manatili sa kompanya nang may malinis na kunsiyensiya. Ang mga di-kontrobersiyal na paksa tungkol sa pag-ibig, ligawan at romansa ang ginamit. *Lella Santiago (mirellasantiago@yahoo.com)*

Pagninilay: Handa ka bang manindigan para sa iyong mga paniniwala kahit na anong mangyari?

*Panginoon, bigyan Mo ako ng lakas ng loob na maging matapang na saksi Mo sa gitna ng makasalanang mundo.*

***Banal na Antonio Turner, ipanalangin mo kami.***

**21**
LUNES
**HUNYO**

2 Mga Hari 17:5-8, 13-15a, 18
Salmo 60:3, 4-5, 12-13
**Mateo 7:1-5**

*"Sapagkat hahatulan kayo ng Diyos ayon sa paghatol ninyo sa iba." – Mateo 7:2*

# ALINGAWNGAW

Kapag narinig niyang may nangyaring masama sa isang kaibigan niya, itsinitsismis niya ito sa ibang tao. Ginawa niya nang may tila magandang layunin na ipaalam ito sa iba nang maipagdasal nila ang kaibigan niya. Isang araw, natanggap niya ang balitang may kanser siya. Ayaw niyang ipaalam ito kahit kanino. Naisip na niya kung paano siya pag-uusapan ng mga tao dahil ganoon mismo ang ginagawa niya.

Nabasa ko na ang pagkakakilala natin sa Diyos ay idinidikta ng sarili nating karakter. Kung sa tingin natin ay isa siyang mapaghiganting Diyos, iyon ay dahil sa mapaghiganti tayo. Ang pagtingin natin sa Diyos ay gaya ng pagtingin natin sa kapwa natin. Pero hindi dapat maging ganito. Maaari nating ikasiya ang ugnayan natin ngayon sa isang Diyos na lubos na umiibig sa atin kung babaguhin lang natin ang mga mata ng ating puso kung saan nakikita natin ang sarili natin at ang iba.

Sabi ng Biblia, "Kung ano Siya, ganoon din tayo." Dapat ay nilalarawan natin ang Ama. Ang salitang *"person"* ay mula sa dalawang salitang Latin na *"per"* at *"solare"* na ang ibig sabihin ay *"to sound through."* Nilayon ng Diyos na umalingawngaw Siya sa ating katauhan. Kaya maging tapat tayo sa pagsasalarawan ng ating Ama sa langit. *Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: Makapagbibigay ba ng ibang tunog ang alingawngaw maliban sa orihinal nitong tunog?

*Panginoon, nawa'y makita Ka nila sa akin.*

***San Lazaro, ipanalangin mo kami.***

22

MARTES

HUNYO

2 Mga Hari 19:9b-11, 14-21, 31-35a, 36
Salmo 48:2-3ab, 3cd-4, 10-11
**Mateo 7:6, 12-14**

*"Ngunit makipot ang pintuan at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti lang ang nakasusumpong niyon." – Mateo 7:14*

## AKO'Y "10"

Kung uuriin ko ang buhay ko ngayon mula "1" hanggang "10" at ang ibig sabihin ng "1" ay "walang katuparan" at ang "10" ay "ganap na ganap," masasabi kong ako ay "10." Malalim ang kasiyahan nararamdaman ko gawa ng aking pag-alay ng buhay ko sa Diyos. Napakasaya pala pag binibigay ang buhay sa Diyos at ipinapaubaya na sa Kanya ang pasya sa bawat araw.

Kung ang pag uuring ito ay ginawa ko noong may 12 na taong nakaraan — yaon ang panahong ako'y pinupungos at sinusubukan pa ng Panginoon — ni hindi ko masasabing may "5" ako. Mahirap ang pinagdaanan ko bago ako dumating sa aking kinatatayuan ngayon. Ang tatay ko mismo ay hindi matanggap ang pinili kong buhay. Sa mata kasi ng mundo, hindi maganda ang patungo sa "makipot na daan." Ang nagbigay lakas lang sa akin noon ay ang sinabi sa akin ng isang obispo na "Tama ang iyong pinili."

Nagpalakas ito sa akin para magpatuloy sumunod lamang kung saan man ako dinadala ng Panginoon. At ngayon, hindi ako nagsisisi. Totoong mayroon pa rin akong nararanasang hirap subali't hindi sapat para "maagaw" sa akin ang kapayapaan at saya na nararanasan ko na ngayon. *Cristy Galang (cristy_cc@yahoo.com)*

Pagninilay: Pinili ko ba ang daan ng buhay? Mayroon bang nagbubulong sa aking bumalik at pumaroon sa daang patungo sa Kanya?

*Panginoong Jesus, ibig kong maranasan ang kaligayahan ng isang taong sumusunod sa Inyo. Dalhin po Ninyo ako sa daang ito dahil naniniwala akong doon ko lamang mararanasan ang tunay na kaligayahan. Amen.*

***San Aaron, ipanalangin mo kami.***

23

MIYERKULES

HUNYO

**2 Mga Hari 22:8-13; 23:1-3**
Salmo 119:33, 34, 35, 36, 37, 40
Mateo 7:15-20

*"Ang aklat ng kasunduan na natagpuan sa Templo." – 2 Mga Hari 23:2*

# MGA LIBRO

Mahilig akong magbasa ng libro. Karamihan sa mga kaalaman ko ay galing sa mga nabasa ko. Noong bata pa ako, binibili ako ng nanay ko buwan-buwan ng libro, at nang kumikita na ako ng sarili kong pera, ginagastos ko iyon sa libro.

Naiimpluwensiyahan ng mga nababasa natin ang ating paniniwala. Nang nabasa ko ang *The Da Vinci Code*, halos maniwala ako sa isinulat ni Dan Brown tungkol sa buhay ni Jesus at ang Kanyang relasyon daw kay Maria Magdalena. Bagama't hindi nabawasan ang paniniwala ko sa Diyos dahil dito, napaisip ako kung totoo nga ang nakasulat sa libro, lalo na't nabanggit ng may akda na nagsaliksik siya para roon.

Matapos kong pagmunihan ito, naalala ko na isa itong kathang-isip lang kaya bakit ako maniniwala sa isang nobelang bunga lamang ng pag-iisip? At kung base ito sa saliksik, bakit ako maniniwala sa mga kuro-kuro ni Da Vinci tungkol kay Jesu-Kristo gayong sa tingin ko'y hindi naman siya nagkaroon ng personal na ugnayan sa Panginoon?

Pagdating sa mga bagay ukol sa pananampalataya, iisa lang ang librong pinipili kong paniwalaan: ang Biblia. *Tina Matanguihan (tina.matanguihan@gmail.com)*

Pagninilay: Huwag mong kaliligtaang magbasa ng Biblia ngayon.

*Panginoon, tulungan Mo akong kilatisin kung ano ang totoo at kung ano dapat kong paniwalaan sa mga nababasa ko.*

***San Walhere, ipanalangin mo kami.***

**24**
HUWEBES
**HUNYO**

Isaias 49:1-6
Salmo 139:1b-3, 13-14ab, 14c-15
Ang Mga Gawa 13:22-26
**Lucas 1:57-66, 80**

*Solemnidad ng Kapanganakan ni Juan Bautista*

*"Magiging ano kaya ang batang ito?" – Lucas 1: 66*

# NATATANGING HENYO

Minsan sinabi ng isang guro sa ina ni Michael na hindi makatututok ang bata sa kahit anong bagay sa buhay niya dahil sa nahihirapan itong tumutok sa mga aralin sa klase.

Noong bata pa siya, si Michael ay nasuring may ADHD. Madalas siyang tumatayo sa klase at hindi makuhang manahimik. Napakahirap para sa kanya ang tumutok sa tinuturo.

Sa 2008 Beijing Olympics, nanalo ng walong gintong medalya si Michael Fred Phelps sa iba't ibang paligsahan sa paglangoy — ang pinakamaraming gintong medalyang napanalunan ng kahit sino sa iisang Olympics. Maliban pa iyon sa ibang mga parangal at rekord na hinahawakan niya.

Kadalasan, may mga pagkiling tayo't maling paniniwala tungkol sa kung paano lalaki ang isang bata base sa kung ano sila ngayon at kung anong ginagawa nila. Ikinakahon natin ang bata (o ibang tao) sa kung ano ang tingin natin sa kanya. Hindi natin sila binibigyan ng panahong magningning. Ang pinakamalupit na magagawa natin sa kanila ay ang isuko sila.

Lahat tayo ay nilikha ng Diyos na may angking kagalingang natatangi sa atin. Tratuhin dapat natin ang ating kapwa at ang sarili natin bilang magaling. *Jun Asis (mabuting.balita@gmail.com)*

Pagninilay: May kagalingan ang bawat tao. Hanapin mo ito sa iba at sa sarili mo.

*Panginoon, pahintulutan Mo akong makita ang mga hindi ko natatanaw at makilala ang Iyong banal na presensya sa ibang tao at sa akin.*

***San Bartolome ng Fame, ipanalangin mo kami.***

**25**
BIYERNES
**HUNYO**

2 Mga Hari 25:1-12
Salmo 137:1-2, 3, 4-5, 6
**Mateo 8:1-4**

*"Kung nais po ninyo, ako'y inyong mapapagaling at magagawang malinis."..."Oo, nais kong gumaling ka at maging malinis." – Mateo 8:2-3*

# LUMAPIT KA'T HUMINGI

Hindi ako natutuwang makita ang anak ko na iniiniksiyunan. Nasasaktan ako kapag nakikita kong nasasaktan siya. Pero hinahayaan ko ito dahil may kasama itong kagalingan. Hindi ko siya hinahayaang magdusa alang-alang sa pagdurusa. Ang pagdurusang iyon ay isang biyaya.

Tulad din nito, hindi natutuwa ang Diyos makitang nagdurusa tayo. Pero maaari Niya tayong pahintulutang dumanas ng paghihirap at sakit dahil lamang sa may higit na biyaya na kahihinatnan noon.

Pero tulad ng sa pagkikita ng isang may ketong at ni Jesus, ang sikreto ay, lumapit tayo kay Jesus at ibigay ang sarili natin sa Kanya. Sabihin natin sa Kanya na nais nating maging malinis muli — ang mapagaling, mapatawad, mailigtas at pagpalain!

Mahal na mahal tayo ng Diyos at nirerespeto Niya ang mga nais natin para sa buhay natin. Kaya't dapat tayong humarap sa Kanya nang buong tapang at pananalig.

Hindi madali para sa isang may ketong ang magpakita sa publiko at lapitan si Jesus. Ngunit pinili niya't nagpasya siya na baguhin ang buhay niya. Naniwala siya na magagawa ni Jesus na panibaguhin siya.

At ninais ni Jesus na pagalingin siya. At siya'y gumaling. *Alvin Barcelona (alvinbarcelona@gmail.com)*

Pagninilay: Maniwala ka na nais ng Diyos na pagalingin ka. Lumapit ka sa Kanya ngayon nang may pananalig.

*Jesus, nais kong maging malinis. Pagalingin Mo ako. Baguhin Mo ako. Hubugin Mo ako. At gawin Mong pagpapala ang mga dusa ko. Sa ngalan Mong makapangyarihan sa lahat. Amen.*

***San Prospero ng Aquitania, ipanalangin mo kami.***

**26**

SABADO

**HUNYO**

Mga Panaghoy 2:2, 10-14, 18-19
Salmo 74:1b-2, 3-5, 6-7, 20-21
**Mateo 8:5-17**

*"Sabihin lamang po ninyo at gagaling na ang aking katulong." – Mateo 8:8*

## ANG SIKRETO

Pananampalataya lamang. Iyon ang taglay ng Hentil na opisyal ng Roma. Bilang isang opisyal, alam niya ang kapangyarihan niya. At alam din niya ang uri ng kapangyarihan na taglay ni Jesus. Hindi siya humiling ng mga palatandaan mula sa langit. Alam ni Jesus kung sino siya at alam din ng opisyal na kilala siya ni Jesus.

Naaalala ko rito ang isang paring nagpapagaling, si Fr. Fernando Suarez. Tahimik siyang nagpapagaling sa pamamagitan lang ng paghawak at pakikipag-usap sa mga taong humihiling ng kagalingan. Wala nang paghataw sa demonyo, mga sigaw at mantra na para bang bingi ang demonyong nasa katawan ng sinapian. Kung sanay ka sa ganoong uri ng pagpapagaling, magugulat ka kapag nakita mo si Fr. Suarez. Tila walang kahirap-hirap pero ang kagalingang naidulot niya ay nangungusap tungkol sa kapangyarihang kumikilos sa pamamagitan niya.

Kung kilala mo kung sino ka at kung sinong nagmamay-ari sa iyo, magiging simple ang buhay mo. Humihirap lang ang buhay kapag nagpipilit tayong mabuhay sa sarili nating kakayahan. Kapag kinilala mo ang tunay na pinagmumulan ng buhay at kapangyarihan, nagiging simple ang lahat ng bagay. *Ronna Ledesma (ronnaledesma@email.com)*

Pagninilay: "Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, ng isang buhay na masagana at ganap." (Juan 10:10)

*Panginoon, bigyan Mo ako ng pananampalataya ng isang bata.*

***San Antelmo, ipanalangin mo kami.***

27

LINGGO

HUNYO

1 Mga Hari 19:16b, 19-21
Salmo 16:1-2, 5, 7-8, 9-10, 11
**Mga Taga-Galacia 5:1, 13-18**
Lucas 9:51-62

*Ang Espiritu ang gawin ninyong patnubay sa inyong buhay at hindi kayo magiging alipin ng hilig ng laman. – Mga Taga-Galacia 5:16*

# LUBOS NA BIYAYA

May tiyo ako na nagkakanser sa baga. Nang dinalaw siya ng asawa ko sa ospital kung saan siya nagki-*chemotherapy*, hindi agad naaninag ng asawa ko ang tiyo ko dahil sa kapal ng usok sa paninigarilyo nito.

Siguro sasabihin niyong istupido siya. Pero nakikita ko na tayong lahat ay may ganitong pagkakamali rin pagdating sa ating pananampalataya. Panay ang simba natin at nakikisalo sa mga sakramento, pero nagkakasala pa rin tayo.

Dapat na ba tayong tumigil sa pagpapakabait at sisihin na lang ang kahinaan natin bilang tao? Hinanap ko ang mga kasagutan at ito ang natanto ko: Ang pamantayan ng Diyos ay napakataas dahil Siya ay Diyos at perpekto Siya. Pero sa pagtanto ko na hindi ko kailanman matatapatan ang pamantayan na iyon, kaharap ko na ang solusyon na inaalok ng Diyos — ang lubos na kaloob Niyang biyaya, ang di karapat-dapat ngunit masaganang kagandahang loob Niya na nagpapatawad ng lahat ng kasalanan at tumatanggap sa lahat ng nagsisisi. At dahil isa akong pinatawad, dahil minamahal ako, ang kapangyarihang nasa kalooban ko ang nagdudulot sa aking magsumikap tapatan ang pamantayan Niya kahit ilang beses pa akong magkamali.

Hindi opsiyon ang pagsuko. Kapag ginawa ko iyon, mawawala ako sa Kanyang pagpapala at mababaon ako sa limot. *Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: Lahat tayo'y desperado, pero sa awa ng Diyos, inaalok Niya sa atin ang nag-uumapaw na pagpapala.

*Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo, ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.*

***Sta. Emma, ipanalangin mo kami.***

**28**
LUNES
**HUNYO**

Amos 2:6-10, 13-16
Salmo 50:16bc-17, 18-19, 20-21, 22-23
**Mateo 8:18-22**

*"Maglingkod ka sa akin." – Mateo 8:22*

## HINDI LIGTAS SA PAGHIHIRAP

Noong lulong pa ako sa karanasan kong mapasama sa paglalakbay sa *Holy Land*, ninais kong pasukin ang relihiyosong buhay. Ninais kong ibigay sa Diyos ang buong buhay ko, mahalin Siya at tanging Siya lamang at paglingkuran Siya. Akala ko iyon ang pinakamabuting paraan para sundan Siya.

Pero nang natunghayan ko sa sunud-sunod na mga *search-in retreat* at proseso ng pagkilatis na hindi ako tinatawag ng Diyos doon, sinabi ko sa Kanya, "Sabihin lang Ninyo kung ano ang dapat kong gawin o kung saan ako dapat pumunta at susunod ako."

Simpleng pangungusap iyon, pero hindi pala ganoon kasimple, gaya ng natuklasan ko. Buong buhay ko ang kabahagi nito. Nakaharap ko ang mga nakatagong isyu ko at kahinaan habang pinapupurihan ko ang Diyos gamit ang aking mga kalakasan at talino. Napunta ako sa iba't ibang landas at paraan ng paglilingkod sa Diyos.

Naging simple rin ang pamumuhay ko at naging mapagpasalamat ako sa pinakamaliit na biyaya. Pero hindi naganap ang mga ito nang walang paghihirap. Maraming tulak at kabig, at maraming beses na ninais kong bawiin ang sinabi ko.

Mabuti na lang at alam ng Diyos kung paano ang maging tao. Kapag nais ko nang sumuko, naroroon Siya para bigyan ako ng ginhawa at ibulong sa akin na nais Niya akong matuto sa bawat pagsubok. At kapag handa na uli ako, tinatapik Niya ako sa likod at sinasabi uli sa akin, "Maglingkod ka sa akin." *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Ang pagsunod kay Jesus ay pangakong pang-araw-araw.

*Panginoong Jesus, Nais kong sumunod sa Iyo. Hawakan Mo ang kamay ko.*

***San Almus, ipanalangin mo kami.***

**29**

MARTES

**HUNYO**

Ang Mga Gawa 12:1-11
Salmo 34:2-3, 4-5, 6-7, 8-9
**2 Timoteo 4:6-8, 17-18**
Mateo 16:13-19

*Solemnidad nina San Pedro at San Pablo, mga Apostol*

*Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa lahat ng kasamaan at siya rin ang maghahatid sa akin sa kanyang kaharian sa langit. – 2 Timoteo 4:18*

# ANG TANGI NATING KALIGTASAN

Lagpas hatinggabi nang umuwi ang aking bayaw. Bumaba siya ng kanyang sasakyan upang buksan ang *gate*. Dalawang lalaking may takip ang mukha ang lumapit sa kanya at nagsabing, "*Carnap* ito." Naulinigan ng kanyang asawa at mga anak ang gulo kung kaya't sila ay lumabas. Nagmakaawa silang huwag kunin ang kanilang sasakyan. Nang narinig ko ang kakaibang usapan at sigawan, nagpasya akong tingnan kung ano ang nangyayari. Palabas na ako ng aming bahay ng biglang narinig ko ang isang putok ng baril. Natigilan ako. Katahimikan. Pagkatapos ay narinig ko na lang na may humarurot na mga sasakyan.

Nakuha ang kanilang sasakyan. Salamat na lamang sa Diyos dahil wala namang masamang nangyari sa amin. Hinampas lamang ng kaunti ang aking bayaw nang ayaw niyang ibigay ang susi. Tinutukan ng baril ng mga magnanakaw ang asawa't mga anak niya nguni't pinaputok lamang sa ere. Mabuti't papalabas pa lamang ako nang sila ay nagpaputok. Nais sanang tumulong ng mga kapitbahay nguni't nakita nilang armado ang mga magnanakaw. Ligtas naman kaming lahat! Ang puso namin ay nagpupuri sapagka't alam naming sa mga oras na iyon, ang Panginoon ang tangi naming kaligtasan.

Ilang linggo rin ang lumipas bago kami nakabangon sa pangyayaring iyon. Paano namin ito nalagpasan? Tuluyan kaming nanalangin at nagtiwala na hindi kami pababayaan ng Panginoon.

*Sol Saura (solmsaura@gmail.com)*

Pagninilay: Tunay na ang Diyos ay ating kaagapay habang tayo ay nabubuhay.

*Ang hawak Niyang tungkod ang siyang gabay ko, tangan Niyang pamalo, sigla't tanggulan ko.*

***Sta. Cocha, ipanalangin mo kami.***

**30**

MIYERKULES
**HUNYO**

**Amos 5:14-15, 21-24**
Salmo 50:7, 8-9, 10-11, 12-13, 16bc-17
Mateo 8:28-34

*"Hindi ko matatanggap ang inyong mga handog na sinusunog..." – Amos 5:22*

# MAS DAKILANG SAKRIPISYO

Nasa huling yugto na ng kanser sa atay ang ina nina Gail at Carla. Para paginhawahin ang ina sa mga huling araw nito, pumayag si Gail na saluhin ang gastusin at dalhin sa ospital ang ina.

Ipinasundo ni Gail sa driver niya ang kanyang ina. Sa mga maiikling pagdalaw niya sa ospital, pinilit niyang paliitin ang mga gastusin doon. Pumili siya ng pribadong kuwarto sa lumang gusali ng ospital. Pumili siya ng doktor na kaibigan ng pamilya nila. Nilimita niya ang mga medikasyon, idiniin na di na kailangan ng magigiting na gawain. Tunay nga siyang mapagbigay at praktikal din.

Si Carla naman, ni minsan ay di siya umalis sa tabi ng ina. Nagpaalam muna siya nang pansamantala sa trabaho at halos di natulog sa pagbabantay. Marahan niyang inalis ang takot ng ina sa pagpunta sa ospital. Nilinis niya ang mga sugat nito at sinigurong maginhawa ang pakiramdam ng ina. Binantayan niya ang hirap na paghinga ng ina at inayos ang *oxygen mask* kapag dumudulas ito palayo sa mukha niya.

Bagama't may isinuko ang dalawa alang-alang sa pagmamahal sa kanilang ina, sa tingin ko ang sakripisyo ni Carla ang huwaran ng Kristiyanong pag-ibig.

Namatay si Jesus sa krus para iligtas tayo sa kasalanan. Ang pag-ibig natin sa Kanya ang dapat magtulak sa atin na tumugon — sa pamamagitan ng pagsuko ng buhay natin sa Kanya at para sa iba.

*Cecilia Lim (cez_lim@yahoo.com)*

Pagninilay: "Hindi ako maghahandog kay Yahweh nang anumang walang halaga sa akin." (2 Samuel 24:24)

*Kunin Mo ang buhay ko at italaga Mo, Panginoon, sa Iyo.*

***Banal na Raymundo Lull, ipanalangin mo kami.***